

# MGA MACABEO 2

Hindi pagpapatuloy ng nauna ang ikalawang libro ng Mga Macabeo.

Kung sa 1 Macabeo ay inilalahad ang kasaysayan ng bayang Judio nang mga kritikal na taong iyon sa karaniwan at balanseng paraan, binibigyang-pansin naman ng 2 Macabeo ang isang serye ng mga pangyayari at pagkaminsa'y mga komentaryo at mga alamat na nagtatampok sa pag-asa at paghihirap ng mga sumasampalatayang pinag-uusig. Ang ikalawang librong ito na di gaanong kapaki-pakinabang para sa mga dalubhasa sa kasaysayan, na di tulad ng una, ay napakaimportante pa rin sa Biblia dahil sa napakayamang pananaw nito tungkol sa paghihirap at kamatayan at pati sa katarungan ng Diyos. Ang librong ito kasama ang mga aklat ni Daniel at ng Karunungan ang unang nagpahayag sa Biblia ng pananampalataya sa muling pagkabuhay ng mga patay.

**Unang sulat sa mga Judio sa Ehipto**

**1** • [1] Pagbati sa aming mga kapatid na
Judio sa Ehipto, mula sa kanilang
mga kapatid na Judio sa Jerusalem at sa
mga rehiyon ng Judea – sumainyo nawa
ang kapayapaan at kaligayahan. [2] Pag-
palain nawa kayo ng Diyos at alalahanin
nawa niya ang kanyang tipan kay Abra-
ham, Isaac at Jacob na kanyang mga
tapat na lingkod. [3] Ipagkaloob nawa niya
sa inyong lahat ang isang pusong sa-
samba sa kanya at tatalima sa kanyang
kalooban nang may kagandahang-loob at
pagkukusa. [4] Buksan nawa niya ang in-
yong mga isip sa kanyang kautusan at
tagubilin at pagkalooban kayo ng kapa-
yapaan. [5] Dinggin nawa niya ang inyong
mga panalangin at makipagkasundo sa
inyo, at huwag kayong pabayaan sa san-
dali ng kasawian. [6] Ito ang ipinapanala-
ngin namin ngayon para sa inyo.

[7] Sa taong sandaa't pitumpu't siyam, nang si
Demetrio ang hari, sumulat kaming mga Judio
sa inyo sa pinakamadilim na sandali ng pag-
subok na aming dinanas nang mga taong iyon.
At sinabi namin sa inyo: "Ipinagkanulo ni Yason

---

• **1.**1 Puwedeng maging modelo para sa pagbati ng "Manigong Bagong Taon" ang bahaging ito ng unang sulat.

Isinulat ng mga Judiong nasa Palestina ang sulat na ito matapos nilang malupig ang mga umaapi sa kanila. Sa mismong pagdiriwang nila sa Paglilinis sa Templo ng Jerusalem, na nabawi nila mula sa kapangyarihan ng mga kaaway, ibinalita nila ito sa mga pamayanang Judio na nakakalat sa Ehipto.

Maraming sabi-sabi ang binabanggit sa sulat. Binibigyang-pansin natin ang alamat na nagsasabing ang Kaban (na sa totoo'y nasira sa pagbagsak ng Jerusalem sa taong 587) ay nailigtas at itinago. Ipinahahayag lamang nito ang malaking pananampalataya ng sambayanan; walang anuman sa mga ginawa ng Diyos sa panahon ng kanilang mga ninuno ang maaaring mawala.

*Pansinin ang 2:3-15. Binibigyang-kabuuan ng bagay na ito na hindi pawang kapani-paniwala ang nabasa natin sa 1 Kro 29:29-30, 2 Kro 9:29, 16:11... Esdras 7:25-26, Ne 8, tungkol sa pagbubuo ng pinakaunang simula ng Biblia na gawaing nabigyang-kaganapan hindi ni Nehemias kundi ni Esdras.*

at ng kanyang mga kasamahan ang kapakanan
ng Banal na Lupain at ng Kaharian. 8 Sinunog
nila ang pintuan ng Templo at pinadanak ang
dugo ng walang kasalanan."
Ngunit dumalangin kami sa Panginoon at
pinakinggan kami. 9 Nakapag-alay na kami ng
handog na harinang trigo, sinindihan naming
muli ang mga ilawan at inihain ang tinapay.
Kaya sumusulat kami ngayon sa inyo para
maipagdiwang ninyo ang Pista ng mga Kubol sa
buwan ng Casleu sa taong itong sandaa't
walumpu't walo.

**Ikalawang sulat sa mga Judio sa Ehipto**

10 Bumabati at kasaganaan ang hangad sa
mga taga-Jerusalem at taga-Judea, sa kanilang
mga senador at kay Judas, kay Aristobulong
guro ni Haring Tolomeo na kabilang sa angkan
ng mga pinahirang pari, at sa mga Judio sa
Ehipto.
11 Iniligtas kami ng Diyos sa malulubhang
panganib, kayat nagpapasalamat kami sa kan-
ya sapagkat tinulungan niya kami laban sa hari.
12 Ang Diyos mismo ang lumupig sa mga kuma-
laban sa Banal na Lunsod. 13 Pumunta sa Persia
ang kanilang pinuno, kasama ang isang wari'y
di-malulupig na hukbo, ngunit nag-umang ng
patibong ang mga pari ng diyosang si Nanea at
napatay sila sa templo nito.
14 Pumunta sa lugar na iyon si Antioko at ang
kanyang mga kaibigan na nagkukunwang pa-
kakasalan ang diyosa, ngunit sa katunaya'y
hangad nilang maagaw ang malaking kaya-
manan nito bilang dote. 15 Inilantad ng mga pari
ni Nanea ang mga kayamanan at pumasok sa
banal na silid si Antioko, kasama ang ilang
tauhan. Pagkapasok ni Antioko, kaagad nilang
sinarhan ang templo 16 at binuksan ang isang
lihim na pinto sa kisame. At binato nila hang-
gang madurog ang pinuno at ang mga tauhan
nito. Pinagputul-putol nila ang mga bangkay,
pugot ang mga ulong inihagis ang mga iyon sa
mga nasa labas. 17 Sa lahat ng mga ito, pag-
palain nawa ang aming Diyos sapagkat dinala
niya sa kamatayan ang mga lapastangan.
18 Ipagdiriwang na namin ang pagdalisay sa
Templo sa ikadalawampu't limang araw ng
Casleu, kayat minabuti naming ipabatid sa inyo
para makapagdiwang din kayo sa Pista ng mga
Kubol at gunitain din ang apoy na lumitaw
noong mag-alay ng mga handog si Nehemias na
siyang nagtayo sa Templo at altar. 19 Sapagkat
nang ipatapon sa Persia ang aming mga ninuno,
kinuha ng mga tapat na pari nang panahong
iyon ang apoy na nasa altar at lihim na itinago
iyon sa ilalim ng tuyong balon. Pinakaingatan
nila ang pagtatago kayat walang nakaalam sa
lugar na iyon.
20 Maraming taon ang lumipas, at sa pana-
hong itinadhana ng Diyos, pinalakad ni Nehe-
mias, na hinirang ng hari ng Persia, ang mga
inapo ng mga paring nagtago sa apoy para
hanapin iyon. 21 Ngunit iniulat nila sa amin na di
nila natagpuan ang apoy kundi isang malapot
na likido. Kayat iniutos ni Nehemias na kunin
iyon at dalhin sa kanya.
Nailagay na sa altar ang mga handog kayat
iniutos ni Nehemias sa mga pari na wisikan ng
likido ang kahoy at ang nasa ibabaw niyon.
Gayon nga ang ginawa nila at 22 makalipas ang
ilang saglit, sumikat ang araw na matagal ding
nagkubli sa ulap. At sumiklab ang isang mala-
king apoy na ikinagulat ng lahat.
23 Habang nasusunog ang mga handog, na-
nalangin ang mga pari at mga naroon. Namuno
si Yonatan habang sumasagot naman si Ne-
hemias at ang mga naroon. 24 Ito ang kanilang
dasal:
"Panginoon, Panginoong Diyos na Lumikha
ng lahat ng bagay, kinatatakutan at makapang-
yarihan, makatarungan at maawain, tanging
ikaw lamang ang mabuting hari, 25 ikaw lamang
ang may magandang kalooban, matuwid, ma-
kapangyarihan sa lahat at walang hanggan.
Ikaw na nagliligtas sa Israel sa lahat ng kasa-
maan, na humirang sa aming mga ninuno at
ginawa silang banal, 26 tanggapin mo ang han-
dog ng iyong bayang Israel. Ingatan mo at
pakabanalin ang mga naging pamana mo.
27 Tipunin mo kaming nagkawatak-watak,
palayain ang mga inaalipin sa mga bansa, ibaling
ang iyong paningin sa mga hinamak at hiniya;
para malaman ng mga pagano na ikaw ang
aming Diyos. 28 Parusahan mo ang mga nagpa-
pahirap sa amin, ang mga humahamak o dumu-
dusta sa amin. 29 Itanim mo ang iyong bayan sa
iyong Banal na Lugar, tulad ng sinabi ni Moises."
30 Inawit ng mga pari ang mga imno, 31 at
nang matupok na ang mga handog, iniutos ni
Nehemias na ibuhos ang nalalabi pang likido sa
ilang malalaking bato. 32 Ginawa iyon, at nag-
liyab ang apoy, ngunit higit na maliwanag ang
apoy na nasa altar. 33 Kumalat ang balitang ito at
iniulat sa hari ng mga Persiano na ang likidong
ginamit ni Nehemias at ng kanyang mga kasa-
mahan para sunugin ang mga handog ay natag-
puan sa pook na pinagtaguan ng apoy ng mga
ipinatapong mga pari. Kayat matapos mapatu-
nayan ang mga pangyayari, 34 pinabakuran ng
hari ang pook na iyon at itinakda iyong banal na
lugar.

35 Binigyan ng hari ng likido ang mga kai-
bigan niya at nagbigay naman sila sa kanya ng
mga regalo. 36 Tinawag ni Nehemias at ng
kanyang mga kasamahan na “Neftar” ang pook
na iyon, na pagdalisay ang kahulugan ngunit
pagkatapos “Nafta” ang tinawag dito.

2 1 Matatagpuan sa tipunan ng mga opisyal na
kasulatan na iniutos ng Propeta Jeremias sa
mga itinapon na kunin ang apoy tulad ng nasabi
na namin. 2 Pagkabigay sa kanila ng Batas,
pinayuhan niya ang mga ito na huwag kalilimu-
tan ang mga tagubilin ng Diyos at huwag pasi-
silaw sa mga diyus-diyusang pilak at ginto at
mga palamuti. 3 Kinausap niya ang mga ito
tungkol sa iba pang bagay na kaugnay nito, at
tinagubilinan sila na huwag pababayaang mag-
maliw ang pag-ibig sa Batas.

**Mga kaugaliang laganap**

4 Sinasabi rin sa mga kasulatang ito
nang nakaraang panahon na nag-atas na
dalhing kasama ni Propeta Jeremias ang
Kaban ng Tipan, pati ang tolda niyon bi-
lang pagsunod niya sa mga utos mula sa
kalangitan. At pumunta siya sa bundok na
inakyat ni Moises noon para makita ang
lupang pangako. 5 Nakakita roon si Jere-
mias ng kuweba at ipinasok niya roon ang
Kaban ng Tipan, ang toldang nagsisilong
dito at ang altar ng kamanyang. At sinar-
han niya ng mga bato ang pasukan.

6 Nagbalik ang ibang sumama sa kanya
para lagyan ng tanda ang daan, ngunit di
na nila natagpuan iyon.

7 Nabalitaan ito ni Jeremias at sinum-
batan sila nito at sinabi: “Mananatiling
sikreto ang pook na ito hangga’t di na-
aawa ang Diyos sa watak-watak niyang
bayan at tipunin sila. 8 At muling ibubun-
yag ng Panginoon ang mga bagay na ito
at makikita kasama ng ulap ang kanyang
Luwalhati, kung paano ito nakita sa kapa-
nahunan ni Moises at nang hilingin ni
Solomon sa Diyos na puntahan at paka-
banalin ang kanyang Bahay.”

9 Nakaulat din kung paanong inialay ni So-
lomong taglay ang karunungan, ang kanyang
mga handog sa pagtatalaga at pagyari ng Tem-
plo. 10 At kung paano nanaog mula sa kalangitan
ang apoy pagkadalangin ni Moises, para sunu-
gin ang mga alay at handog, nanaog din ang
apoy mula sa kalangitan pagkadalangin naman
ni Solomon at tinupok ang sinunog na handog.
11 At natupad ang sinabi ni Moises: *“Hindi kinain
ang alay na pantubos sa kasalanan, kayat
nilamon ito ng apoy.”* 12 Ipinagdiwang din ni
Solomon ang kapistahan nang walong araw.

13 Mababasa din ito sa tipunan ng mga opis-
yal na kasulatan at sa Mga Alaala sa kapana-
hunan ni Jeremias. Isinasalaysay rin doon na
nagtatag si Nehemias ng aklatan at nagtipon ng
mga aklat na tumutukoy sa mga hari at propeta,
ang mga sinulat ni David at ang mga sulat ng
mga hari tungkol sa mga handog.

14 Tinipon ni Judas sa gayunding paraan ang
lahat ng aklat na ikinalat dahil sa digmaang
naranasan namin at nasa amin na ngayon.
15 Kayat kung kailangan ninyo ang alinman sa
mga ito, magsugo kayo ng kukuha nito.

16 Sinabi naming ipagdiriwang na namin ang
pista ng paglilinis ng Templo. Makabubuting
ipagdiwang din ninyo ang mga kapistahang ito,
17 sapagkat iniligtas ng Diyos ang kanyang
bayan at ibinalik sa lahat ang lupang pamana
niya. Ipinabawi niya sa amin ang kaharian,
pagkapari, at pagsamba sa kanya sa Templong
ito, 18 tulad sa ipinag-uutos sa kanyang Batas.
Inaasahan naming malapit na kaming kaawaan
ng Diyos at titipunin kami sa Banal na Lugar
mula sa lahat ng dako, sapagkat iniligtas niya
kami sa malulubhang kasamaan at nilinis na
niya ang Lugar na ito.

**Paunang salita ng sumulat**

19 Isinulat ni Yason ng Cirene ang kasaysayan
ni Judas Macabeo at ng kanyang mga kapatid.
Ikinuwento niya ang paglilinis ng Dakilang
Templo, pagtatalaga ng altar, 20 digmaan laban
kay Antioko Epifanes at kanyang anak na si
Eupator, 21 at ang mga pagpapakita mula sa
langit na pumapanig sa mga nakilaban nang
buong tapang at buong luwalhati para sa Ju-
daismo. Kayat kahit na kakaunti sila, pinalaya
nila ang buong lupain at pinatakbo ang napa-
karaming dayuhan. 22 Nabawi nila ang Tem-
plong tanyag sa sandaigdigan, pinalaya ang
lunsod at muling itinalaga ang mga kautusang
halos nalipol na, sapagkat nagmagandang loob
sa kanila ang Panginoon. 23 Lahat ng ito na
nakatala sa limang aklat ni Yason Cirene, ang
susubukan namin ngayong lagumin sa iisang
aklat. 24 Alam naming napakaraming bilang sa
mga aklat na ito, at nahihirapan ang mga gus-
tong mag-aral ng kasaysayan dahil sa napaka-
raming mga tala. 25 Kayat pinagkaabalahan
naming makapagbigay ng kaakit-akit na bagay

para sa mga gusto lamang magbasa, na madaling maisaulo, at kapaki-pakinabang sa sinumang babasa niyon.

26 Para sa aming bumalikat sa mahirap na gawaing magbuod, hindi ito naging madali, sa halip nagsunog kami ng kilay. 27 Ngunit tulad sa mga naghahanda ng salu-salong magugustuhan ng lahat, natiis namin ang pagpapakapagod nang maluwag sa aming kalooban para bigyang-kasiyahan lamang ang iba. 28 Kayat iniiwan namin sa istoryador ang tamang pagkukuwento sa mga detalye, at tatangkain naming magbigay na lamang ng paglalagom.

29 Kung paanong abala sa konstruksyon ang arkitekto ng bagong bahay, at habang abala naman ang mga pintor at tagapaggayak sa bahay sa mga bagay na may kinalaman sa gawain lamang nila, gayundin kami. 30 Saklaw na ng istoryador ang pagsusuri sa mga detalye at talakayan sa mga bagay na pinagtatalunan. 31 Ngunit para sa nais magpaikli ng ulat, maaari niyang lagumin ito at ikuwento ang buong detalye ng mga pangyayari.

32 Kayat simulan na natin ang kuwento at huwag nang dagdagan pa ang nasabi na, sapagkat walang saysay ang magpahaba ng paunang salita habang pinaiikli naman ang kuwento ng mismong kasaysayan.

### Gustong pagnakawan ni Heliodoro ang Templo

3 1 Samantalang nagtatamasa ng ganap na kapayapaan ang Banal na Lunsod at sinusunod ang mga kautusan dahil sa kabanalan ng Punong Paring si Onias at sa kanyang poot sa lahat ng kasamaan, 2 pinarangalan naman ng mga hari ang Banal na Lugar at pinayaman ito ng kanilang mga maharlikang regalo. 3 Gumastos maging si Seleukong hari ng Asia mula sa sarili niyang lukbutan para sa mga pag-aalay ng handog. 4 Ngunit may isang nagngangalang Simon na pari mula sa angkan ni Bilga at tagapangasiwa ng Templo, na nakipag-away sa Punong Pari tungkol sa pamamahala ng mga palengke. 5 Ngunit di siya nanalo kay Onias. Kayat pumunta siya kay Apolonio ng Tarsus, na gobernador ng Kele-Siria at Fenecia, 6 at iniulat dito na puno ng di mabilang na kayamanan ang kabang-yaman ng Jerusalem, na may malaking halaga ng salapi na walang kinalaman sa mga gastusing itinakda ng paghahandog at madaling mapapasakamay ng hari ang lahat ng ito.

7 Nakipagkita si Apolonio sa hari at sinabi rito ang tungkol sa kayamanang ipinagtapat sa kanya. 8 At pinapunta ng hari si Heliodorong tagapangasiwa sa kanyang mga kapakanan, na may dalang liham na nagpapahintulot dito na ilipat ang mga kayamanan. Agad lumakad si Heliodoro at nagkunwaring bibisitahin lamang ang Kele-Siria at Fenecia, ngunit sadyang ang layunin ay tumalima sa utos ng hari.

9 Pagdating niya sa Jerusalem, magiliw siyang tinanggap ng lunsod at ng Punong Pari at sinabi niya rito ang ulat na natanggap niya. Ipinagtapat niya ang dahilan ng kanyang pagdating at itinanong sa Punong Pari kung totoo nga ang ulat. 10 Ipinaliwanag ng Punong Pari na mayroong mga deposito na pag-aari ng mga biyuda at ulila. 11 Ari-arian ni Hirkanong anak ni Tobias, na isang kilalang taong napinsala rin ng mga paninira ni Simon ang iba. Sa kabuuan, mayroong apatnaraang talento ng pilak at dalawandaang ginto sa kabang-yaman. 12 Bilang pangwakas, sinabi ni Onias na hinding-hindi maaaring linlangin ang mga nagtitiwala sa Banal na Lugar at labagin ang kamaharlikaan ng Templo na iginagalang sa sandaigdigan.

13 Ngunit bilang pagsunod sa utos ng hari, iginiit ni Heliodoro na kailangang mapasakamay ng hari ang lahat ng kayamanang iyon. 14 Kayat sa araw na itinakda kay Heliodoro para gawin ang imbentaryo, nagkaroon ng malaking gulo sa lunsod. 15 Nagsitayo ang mga paring suot ang kanilang mga banal na kasuotan sa harap ng altar at tumawag sa Kalangitan: siyang nagbigay ng kautusang may kinalaman sa mga deposito ang dapat mangalaga nito para sa mga nagdeposito.

16 Walang sinumang tumingin sa muk-

ha ng Punong Pari ang hindi naantig ang
damdamin, sapagkat nababakas sa kan-
yang hitsura at sa kanyang pamumutla
ang dalamhati ng kanyang kaluluwa. 17 Pi-
nuspos siya ng pangamba at nanginig
siya mula ulo hanggang paa, at nakita ng
mga nakamasid sa kanya ang kalungku-
tan sa kanyang puso. 18 Nagmamadaling
naglabasan sa kanilang mga bahay ang
bayang nagkakagulo para sama-samang
manalangin sapagkat malapit nang ma-
lapastangan ang Banal na Lugar. 19 Nag-
dagsaan sa mga kalye ang mga babaeng
nakasuot ng sako mula sa baywang.
Nagtakbuhan sa mga pintuan ang mga
batang babae na di pa pinapayagang lu-
mabas sa mga kalye at nagsiakyat naman
sa mga pader ang iba at nagsidungaw sa
mga bintana ang iba pa. 20 Itinaas ng lahat
sa kalangitan ang kanilang kamay at
sama-samang nanalangin. 21 Kaawa-
awang tingnan ang gayong pulutong na
magulong nagdapaan sa lupa at ang Pu-
nong Paring nasa matinding pagdadalam-
hati.

22 Habang nananalangin sila sa Pangi-
noong Makapangyarihan na pangalagaan
at panatilihing ligtas ang mga ipinagka-
tiwala para sa mga nagkatiwala, 23 sini-
mulan ni Heliodoro na isakatuparan ang
napagpasyahan na.

24 Nakalapit na siya sa kabang-yaman,
kasama ang kanyang bantay, nang lu-
mikha ng napakalaking palatandaan ang
Panginoon ng mga espiritu at ng lahat ng
kapangyarihan kayat namangha sa harap
ng lakas ng Diyos ang lahat ng nangahas
sumama kay Heliodoro, at nawalan sila
ng lakas at tapang. 25 Nagpakita sa kanila
ang kabayong may maharlikang engra-
nate at dala nito ang nakasisindak na ma-
ngangabayo. Sinalakay niyon nang napa-
kalakas si Heliodoro at tinadyakan siya ng
mga unahang paa. Makikitang nakasuot
ng baluting ginto ang mangangabayo.
26 At may lumitaw ding dalawang kaba-
taang lalaking malakas at napakakisig at
maharlika ang kasuotan. Nagsitayo ang
dalawa sa magkabilang tabi ni Heliodoro
at hinampas siya nang walang tigil at
ginulpi nang husto.

27 Pagkabulagta ni Heliodoro sa lupang
nabalot ng dilim, binuhat siya ng kanyang
mga tauhan at inihiga sa istretser. 28 Kayat
kinuha siyang di pa kaya ang sarili, na
kani-kanina lamang pumasok na napaka-
yabang sa kabang-yaman, kasama ang
mga alalay at lahat ng kanyang bantay.
Nakilala ng lahat ang kapangyarihan ng
Diyos. 29 Dahil sa banal na pakikialam,
napipi si Heliodoro at nawalan na ng pag-
asang mabuhay pa. 30 Pinagpala naman
ng mga Judio ang Panginoong lumuwal-
hati sa kanyang Banal na Lugar. Ang
Templong kani-kanina lamang ay puno
ng takot at sindak ay nag-uumapaw na sa
galak at kaligayahan ngayon dahil sa di
pangkaraniwang palatandaan ng Diyos.

31 At nagsumamo ang ilang kasamahan
ni Heliodoro kay Onias para tawagan ang
Kataas-taasan na ipagkaloob ang buhay
kay Heliodorong nasa bingit na ng kama-
tayan. 32 Sa kanyang panig naman, nag-
aalaala ang Punong Pari na maaaring hi-
nalain ng hari na nagpakana ang mga
Judio laban kay Heliodoro kayat nag-alay
siya ng handog para sa paggaling nito.

33 Habang iniaalay ng Punong Pari ang
handog na pantubos sa sala, muling na-
pakita kay Heliodoro ang dalawang ka-
bataang lalaki sa dating kasuotan, tu-
mayo sa kanyang harap at nagsabi: "Pa-
salamatan mo si Onias na Punong Pari,
sapagkat sa pamamagitan niya ipinag-
kaloob sa iyo ng Panginoon ang buhay.
34 At ikaw namang ipinagulpi ng langit,
ipaalam mo sa lahat kung gaano kadakila
ang kapangyarihan ng Diyos." Naglaho
na sila pagkasabi nito.

35 Nag-alay ng handog si Heliodoro sa
Panginoon at nanalangin nang matagal sa
nagligtas sa kanyang buhay. Nagpaalam
siya kay Onias at nagbalik sa hari kasama
ang kanyang mga bantay. 36 Doon niya

pinatotohanan ang mga gawa ng Kataas-taasang Diyos na nakita mismo ng kanyang sariling mga mata.

37 Tinanong ng hari si Heliodoro kung sino ang maaaring papuntahing muli sa Jerusalem para maisakatuparan ang di niya nagawa. Sumagot si Heliodoro: 38 "Kung mayroon kang kaaway na gusto mong mawala na, papuntahin mo roon at makikita mong babalik siyang nagulpi na; kung makababalik pa siya, sapagkat totoong may banal na kapangyarihan sa lugar na iyon. 39 Siyang naninirahan sa kalangitan ang nagbabantay sa lugar at ipinagtatanggol iyon, at sasaktan hanggang mamatay ang sinumang dumating para lapastanganin iyon."

40 Ito ang nangyari kay Heliodoro at kung paanong nailigtas ang Kabang-yaman.

**4** 1 Taksil sa sariling bayan ang Simong binabanggit dito na naging tagapagsumbong sa mga kayamanan ng Templo. Siniraan niya si Onias at pinaratangan iyon na nagpakana laban kay Heliodoro at sinabing si Onias ang may kagagawan ng lahat ng kaguluhan. 2 Marahas na isinakdal ni Simon ng gayon si Onias na tagapagpala ng lunsod, ang tagapagtanggol ng kanyang mga kababayan at tapat na tagasunod ng mga kautusan. 3 Ganyan ang kanilang alitan kayat may mga krimen pang nagawa ang isa sa mga tagasunod ni Simon.

### Krisis na pangkultura

4 Alam ni Onias ang mga panganib ng gayong katinding labanan. Sinulsulan maging ni Apoloniong anak ni Menesteo na gobernador ng Celesiria at Fenecia si Simon na gumawa ng masama. 5 Kayat nagpunta sa hari si Onias, hindi para pagbintangan ang kanyang kapwa, kundi para sa kapakanan ng bansa. 6 Sapagkat nakikita niyang di mapananatili ang kapayapaan at masusugpo ang kalokohan ni Simon kung di makikialam ang hari.

• 7 Pagkamatay ni Haring Seleuko, humalili sa trono ang kanyang anak na si Antioko, na tinatawag na Epifanes. At kinamkam naman ni Yasong kapatid ni Onias, na Punong Pari, ang puwesto ng punong pari. 8 Nakipag-usap siya sa hari at nangako ng tatlundaa't animnapung talento ng pilak at walumpung talento mula sa iba pang buwis. 9 Ipinangako rin niya ang sandaa't limampu pang talento kung papayagan siyang magtatag sa sarili niyang gugol ng himnasyo at sentro para sa ikauunlad ng kalinangan ng mga kabataan, at kung maibibigay niya sa mga taga-Jerusalem ang mga karapatan ng mga mamamayan ng Antiokia.

10 Pumayag ang hari at nakapaghari na siya. Kayat agad niyang hinimok ang kanyang mga kababayan na sumunod sa mga kaugalian ng mga Griyego. 11 Tinalikdan niya ang mga karapatang ipinagkaloob ng mga hari sa mga Judio, sa pamamagitan ni Juang ama ni Eupolemo, na sinugo para itatag ang pagkakaibigan at pagkakaisa ng mga Romano at mga Judio. Binuwag niya ang mga institusyong ayon sa Batas at ipinasok ang mga bagong kaugaliang labag sa Batas.

12 Kayat madalian niyang itinatag ang himnasyo sa mismong silong ng Kuta, at hinikayat ang mas maharlika sa mga kabataan na magsipag-aral sa paraang Griyego. 13 Pinaunlad ang paganismo ng labis na paglapastangan ni Yason na di na tunay na Punong Pari kundi taksil sa Diyos.

Usung-uso ang kaugaliang Griyego, 14 kayat nawalan na ng gana ang mga paring maglingkod sa altar. 15 Hinamak na nila ang santuwaryo at binayaan ang mga handog. At sa sandaling simulan ang paghahagis ng diskas ay tatakbo na sila sa istadyum para lumahok sa mga palaro na ipinagbabawal ng Batas. Hindi na nila

---

• **4**.7 Bigyang-pansin natin ang talatang ito na buhay na buhay na inilalarawan ang pagpasok ng impluwensya ng kulturang Griyego. Dapat ba itong ituring na pagsulong o pangkulturang kolonisasyon? Tingnan ang sinasabi tungkol sa bagay na ito sa 1 Mac 1:41. Dahil mas may pormasyon ang mga pari, sila ang unang nabigla sa kultural at espirituwal na krisis. Sa kasamaang-palad ng mga Judio sa panahon ng krisis. pumasok ang personal na interes at pulitika sa paghirang ng mga pinuno sa relihiyon.

pinahahalagahan ang mga kaugalian ng kanilang mga ninuno, ngunit iginagalang ang pinahahalagahan ng mga Griyego.

16 Dahil dito, dinatnan sila ng mga hirap, sapagkat ang gusto nilang maging huwaran sa pamumuhay at lahat ng mga kaugalian ang naging kaaway at tagapagpahirap nila. 17 Hindi nga madaling lumabag sa banal na kautusan nang di maparurusahan, tulad ng ipakikita ng mga susunod na kabanata.

18 Nang ganapin sa Tiro ang mga palarong nakatakda tuwing ikalimang taon sa harap ng hari, 19 nagsugo ang buhong na si Yason ng mga taga-Jerusalem bilang "mamamayan ng Antiokia" at ipinagkatiwala niya sa mga ito ang tatlundaang drakma ng pilak na nakalaang handog kay Heracles. Pagdating ng mga tagadalang ito, hiniling nilang huwag gugulin ang salapi sa handog sapagkat di dapat, kundi sa ibang bagay. 20 Kayat sa panghihikayat ng mga ito na huwag gastusin ang salapi sa paghahandog kay Heracles ayon sa ipinasya ni Yason, ginamit ang salapi sa pagpapagawa ng mga barkong pandigma.

21 Sinugo ni Antioko sa Ehipto si Apoloniong anak ni Menesteo, dahil sa pagtatalaga sa trono kay Haring Filometor. Ngunit nalaman ni Antioko na naging kalaban niya sa pulitika si Filometor, at nabalisa siya tungkol sa sariling kaligtasan. 22 Kayat umalis siya sa Jope at nagpunta sa Jerusalem. Tinanggap siya roon ni Yason at ng buong lunsod, at pumasok siya sa lunsod sa gitna ng mga pagbubunyi at mga sulo. At nagpunta siya sa Fenecia kasama ang kanyang mga sundalo.

23 Makaraan ang tatlong taon, sinugo ni Yason si Menelaong kapatid ni Simong nabanggit, para dalhin sa hari ang salapi at simulan ang mga pangunang hakbang para makipagkasundo tungkol sa mahahalagang bagay. 24 Humarap si Menelao sa hari at hinangaan nito ang kanyang bikas bilang taong may kakayahan, kayat natamo niya ang puwesto ng Punong Pari, sa paghandog niya ng higit sa tatlundaang talento kaysa handog ni Yason. 25 Tinanggap niya ang mga sulat ng hari, at nagbalik siyang di taglay ang mga katangiang karapat-dapat sa punong pari, kundi poot ng malupit na panginoon o hayop-bundok. 26 Sa gayon sinulot ng iba si Yason na siyang kumamkam ng puwesto ng kanyang kapatid, at kinailangan niyang tumakas sa lupain ng Ammon.

27 Hinawakan ni Menelao ang katungkulan ngunit hindi binayaran ang halagang ipinangako niya sa hari, 28 kahit na sinisingil na siya ni Sostrateng pinuno ng Kuta, sapagkat ipinagkatiwala rito ng hari ang paglikom sa buwis. Kayat ipinatawag ang dalawa sa harapan ng hari. 29 Iniwan ni Menelao ang kanyang kapatid na si Lisimako bilang kapalit niya, at iniwan naman ni Sostrate si Crates, na pinuno ng mga Chipriota.

**Pinatay si Onias**

30 Naghimagsik naman ang mga taga-Tarso at mga taga-Malo sapagkat ibinigay bilang regalo ang kanilang mga lunsod kay Antiokida na kabit ng hari. 31 Umalis kaagad ang hari para ibalik ang kaayusan, at iniwan bilang kahalili niya si Andronikong isa sa kanyang mga ministro. 32 Inisip ni Menelaong samantalahin ang pagkakataon at ninakaw ang ilan sa mga kasangkapang ginto sa Templo, at iniregalo niya kay Androniko ang mga ito. Naipagbili niya ang iba sa Tiro at sa mga karatig na lunsod.

33 Nagkaroon si Onias ng maliwanag na katibayan sa ginawa ni Menelao, kayat nagkanlong siya sa Dafre, isang mapagkakanlungang lugar na malapit sa Antiokia at doon niya ito tinuligsa. 34 Dahil dito, kinatagpo nang lihim ni Menelao si Androniko at hinikayat ito na patayin si Onias. Nagpunta naman si Androniko kay Onias. Nanumpa siya at iniabot pa rito ang kanyang kanang kamay, at nakuha niya ang pagtitiwala nito sa linlang. Nahimok niya si Onias na lumabas sa pinagkakanlungan gayong naghihinala ito. At pinatay niya agad ito nang walang pakundangan sa katarungan.

35 Dahil dito, hindi lamang ang mga Judio, kundi pati ang mga tagaibang bansa ang namuhi at ipinagluksa ang walang katarungang pagpatay sa lalaking iyon. 36 Nang magbalik ang hari sa mga lupain ng Celesiria, nakipagkita sa kanya ang mga Judio mula sa Jerusalem, kasama ang mga Griyego na humihingi ng katarungan, at inireklamo nila ang pagpatay kay Onias.

37 Naantig ang damdamin ng hari at nalungkot; at tumangis pa siya habang ginugunita ang katauhan at dakilang pag-uugali ng yumao. 38 Napoot siya kay Androniko at inalis ito noon din sa puwesto. At iniutos niyang warakin ang damit na nasa katawan nito at igala ito sa lunsod hanggang sa pook na pinagpatayan nito kay

Onias, at iniutos doon mismo ng hari na patayin ito – kayat inilapat ng Diyos kay Androniko ang parusang nararapat.

[39] Gumawa rin ng mga pagnanakaw at paglapastangan si Lisimako sa Jerusalem, sa pakikipagsabwatan kay Menelao. Kumalat ang balitang ito, kayat naghimagsik ang mga taumbayan laban kay Lisimakong nakapagnakaw na ng maraming kagamitang ginto mula sa lunsod. [40] Nakita ni Lisimako ang pag-aalsa at poot ng mga taumbayan, kayat binigyan niya ng mga armas ang mga tatlunlibong sundalo at sinimulan ang marahas na pakikipaglaban. Itinalaga niya bilang pinuno ang nagngangalang Aurano, lalaking may kagulangan na ngunit kulang sa katalinuhan. [41] Sumalakay ang mga kawal ni Lisimako at dumampot naman ng mga bato at pamalo ang mga taumbayan, at dinakot na rin ng ilan ang abong naroon, at inihagis lahat sa mga sundalo ni Lisimako. [42] Sa ganitong paraan, marami ang nasugatan sa mga ito, napatay ang ilan, at tumakas ang iba pa. At napatay nila ang lapastangang magnanakaw na si Lisimako malapit sa kabangyaman.

[43] Dahil sa lahat ng ito, ipinagsakdal si Menelao. [44] Pagdating ng hari sa Tiro, ibinalita sa kanya ng tatlong lalaking sinugo ng konseho ng mga matatanda ng Jerusalem ang mga kalupitan ni Menelao. [45] Nakita ni Menelao na talo na siya kayat nangako siya ng malaking halaga ng salapi kay Tolomeong anak ni Dorimenes para panigan siya ng hari.

[46] At nagpunta si Tolomeo, kasama ang hari, sa asotea para sumagap ng sariwang hangin, at pinakiusapan ang hari na magbago ng desisyon. [47] Pinawalang-saysay naman ng hari ang lahat ng paratang laban kay Menelao, na siyang dahilan ng lahat ng kasamaan, samantalang hinatulan niya ng kamatayan ang mga sawimpalad na nagparatang kay Menelao, na maaaring napawalang-sala kung hinatulan ng hukuman ng mga barbaro. [48] Kayat ipinapatay agad ang mga nagtanggol sa kapakanan ng lunsod, bayan at mga banal na sisidlan.

[49] Gayon na lamang ang pagkamuhi ng ibang taga-Tiro sa krimen kayat naghanda sila ng maharlikang libing para sa mga pinatay. [50] Ngunit dahil sa kasakiman ng mga namumuno, nanatili sa kapangyarihan si Menelao. Nagibayo ang kasamaan niya at lalong naging malupit sa kanyang sariling bayan.

### Pinagnakawan ni Antioko ang Templo

**5** [1] Nang panahong ito, naghanda na si Antioko sa ikalawang pagsalakay laban sa Ehipto. [2] At sa loob ng mga apatnapung araw, may mga pangitain sa buong lunsod: mga mangangabayong nakasuot ng ginto na nagsisikaskas sa papawirin, [3] mga armadong sundalo na nakahanay nang pangkat-pangkat, mga nakalabas na tabak, mga kabayuhang nakahanda sa pakikipaglaban, mga pagsalakay at pagsugod kabi-kabila, gumagalaw ang mga kalasag, mga sibat, mga palaso, mga misil, nagniningning ang mga kasuotang ginto at lahat ng uri ng baluti. [4] Nanalangin ang lahat na mabuti nawa ang ibig sabihin ng mga pangitaing ito.

[5] May kumalat na maling balitang namatay na si Antioko kayat tinipon ni Yason ang mga sampunlibong tauhan at inilunsad ang biglaang pagsalakay sa lunsod. Nasakop ang mga sundalong nasa pader at bumagsak ang buong lunsod sa mga kamay ni Yason habang nagtago si Menelao sa kuta. [6] Walang-awang pinatay ni Yason ang kanyang mga kababayan. Hindi niya batid na pinakamalaking pagkatalo ang pagtatagumpay laban sa sariling bansa. Akala niya'y nalupig ang mga kaaway, hindi ang mga sarili niyang kababayan. [7] Ngunit di rin siya nagkaroon ng kapangyarihan kundi kahihiyan para sa kanyang sarili at kinailangan niyang tumakas muli sa lupain ng Ammon. [8] Inabot niya sa bandang huli ang malungkot na wakas. Isinakdal siya sa harap ni Aretas na hari ng mga Arabe at tumakas siya sa kung saan-saang lunsod. Hinabol siya ng lahat at nilibak bilang taksil sa batas. Kinamuhian siya bilang berdugo ng kanyang bayan at mga kababayan, at itinapon siya sa Ehipto. [9] Nagpatapon nga siya nang napakarami mula sa sariling bayan; gayundin siya namatay sa pagkakatapon: sapagkat pumunta siya hanggang sa Lacedemonia para kupkupin nila dahil kamag-anak namin ang mga tagaroon. [10] Ipinagkait niya sa marami ang libingan, kayat namatay siyang wala man lamang nagluksa sa kanya, walang libingang kasama ng kanyang mga ninuno.

### Pag-uusig ni Antioko

[11] Nabalitaan ng hari ang mga pangyayaring ito, at inakala niyang naghimagsik na ang buong Judea. Napoot siya, umalis sa Ehipto at sinalakay ang Jerusalem para sakupin iyon. [12] Inutusan niya ang kanyang mga sundalo na walang-awang patayin ang bawat makasalubong at gilitan ng lalamunan ang mga magtatago sa kani-kanilang bahay. [13] Nilipol ang kabataan at matanda; pinatay ang mga lalaki, mga babae at mga bata at sinaksak ng tabak ang mga sanggol at mga dalaga. [14] Walumpung libo ang napinsala sa loob lamang ng tatlong araw – apatnapung libo ang nalipol sa karahasan at gayunding

bilang ang ipinagbili bilang alipin. 15 Hindi pa nasiyahan si Antioko. Nangahas siyang pumasok sa pinakabanal na Templo sa buong daigdig, at giniyahan siya ni Menelaong taksil sa batas at bayan.

16 Sinunggaban ng maruruming kamay ni Antioko ang mga banal na kasangkapan at kinuha ang lahat ng inihandog ng ibang hari para sa kadakilaan, luwalhati at karangalan ng Templo. Ngunit dahil sa pagkilos sa gayong lapastangang paraan, 17 nagmalaki si Antioko at di niya nakukuro na dahil sa mga kasalanan ng mga tagalunsod kaya nagagalit ang May-ari sa sandali at tumatalikod sa Banal na Lugar.

18 Sapagkat kung hindi naging masama ang mga ito, nagulpi na sana si Antioko sa pagpasok pa lamang niya tulad ng ginawa kay Heliodoro na sinugo ni Seleuko para siyasatin ang kabangyaman; at pinagsisihan din sana niya ang kanyang kagaspangan. 19 Ngunit di pinili ng Diyos ang bayan para sa Templo, kundi ang Templo para sa bayan.

20 Kayat nakibahagi rin ang Templo sa kasawiampalad ng bansa, kung paanong nakibahagi ito sa pagpapanumbalik ng bansa pagkatapos. Kung paanong pinabayaan ito sa panahon ng poot ng Diyos, pinanumbalik naman ito sa dating luwalhati nang magkasundo na sila ng Kataas-taasang Panginoon.

21 Nakatangay si Antioko ng labingwalundaang talento na ninakaw niya sa Templo, at nagmamadaling bumalik sa Antiokia, at dahil sa kayabangan, inakalang makapaglalayag siya sa lupa at makalalakad sa dagat. 22 Sa kanyang pag-alis, nag-iwan siya ng mga ministrong magpapahirap sa aming lahi. Sa Jerusalem, hinirang niya si Felipe, mula sa lipi ng Frigio at higit na makahayop ang ugali kaysa kanyang nagtalaga dito; 23 at iniwan niya sa Gerizim si Androniko. Bukod dito, naroon din si Menelao, na higit pa sa mga ito sa poot sa kanyang mga kababayan. Sadyang matindi ang pagkamuhi ng lalaking ito sa kanyang mga kapatid na Judio.

24 Sinugo rin ni Antioko si Apolonio na kasama ang isang hukbo ng dalawampu't dalawang libong sundalo at inutusang gilitan ng lalamunan ang lahat ng lalaking may sapat na gulang at ipagbili ang mga babae at mga bata. 25 Pagdating niya sa Jerusalem, nagkunwari siyang kapayapaan ang dala. Naghintay siya ng banal na Araw ng Pahinga at binigla niya ang mga Judiong namamahinga. Iniutos niya sa kanyang mga tauhan na magtanghal ng parada militar, 26 at pinatay niya ang lahat ng dumating para manood ng palabas. At tumakbo sa mga kalye ang mga sundalo at pinatay ang napakaraming tao.

27 Umurong naman sa disyerto si Judas Macabeo kasama ang siyam na iba pa, at namuhay silang parang mababangis na hayop. Kumain sila roon ng malinis na gulay sapagkat ayaw nilang kumain ng di malinis na pagkain.

**Mga unang biktima ng pag-uusig**

**6** • 1 Hindi nagtagal, nagsugo ang hari ng matandang lalaking Ateniense para pilitin ang mga Judio na talikuran ang mga kautusan ng kanilang mga ninuno at huwag nang mamuhay ayon sa mga kautusan ng Diyos. 2 At kinakailangang lapastanganin din nila ang templo ng Jerusalem at ihandog iyon sa diyos Olimpiko. 3 Sa gayunding paraan, gusto niyang ihandog nila ang templo sa Bundok ng Gerizim sa diyos Ospitalario, ayon sa kagustuhan ng mga tagaroon.

Bumigat ang kasamaang ito at di nakatiis ang lahat. 4 Dinungisan ang Templo ng mga kahalayan at lasingan ng mga pagano na nagtamasa roon sa piling ng mga babaeng bayaran, at nakipagtalik sa mga iyon sa mga banal na patyo. Nagdala rin sila ng mga bawal na bagay. 5 Nilatagan ang altar ng di malinis na mga biktimang ipinagbabawal ng mga kautusan. 6 Hindi na ipinahihintulot na ipagdiwang ang Araw ng Pahinga o sundin ang mga kaugalian ng aming mga ninuno, o ipa-

---

• **6.**1 Ang pag-uusig sa relihiyon ayon sa karanasan ng bayan ay nangangahulugan ng:

– di maiiwasang supresyon ng mga kaugalian sa relihiyon;

– pagiging maluwag sa sex na kunwa'y pag-unlad sa kultura;

– karahasan laban sa mga nananatiling tapat sa Diyos;

– pagpapabaya sa mga aba at mga babae sa harap ng kalupitan ng batas at ng mga tao.

Nagpapatuloy ang krisis sa moralidad sa simula ng mga pagsubok na dinaranas ng mabubuti: Paano ito mapahihintulutan ng Diyos?

May sagot na ibinibigay: layunin ng mga pagsubok na ito ang ituwid ang bayan ng Diyos. Alam ng mga Judio na kahit na sa gitna ng pagsubok ay naroon pa rin ang awa ng Diyos.

hayag ninuman na Judio siya. 7 Ngunit sa
kabaligtaran nito, pinilit sila para maging
buwanang paghahandog ang pagdiriwang
ng kaarawan ng hari.
At pagsapit ng kapistahan ni Dionisio,
pinilit din silang sumunod sa prusisyon ni
Dionisio at magsuot ng mga koronang
bulaklak.
8 Sa mungkahi ng mga taga-Tole-
maida, isang batas ang ipinadala sa mga
Griyegong karatig na lunsod na nag-uutos
na tratuhin ang mga Judiong naninirahan
doon sa gayunding paraan at pilitin silang
sumalo sa mga banal na handa. 9 At dapat
na patayin ang di lumilipat sa mga kau-
galiang Griyego. Kayat madaling mahu-
laan ang malaking kapahamakang dara-
ting.
10 Dalawang babae ang ipinagsakdal sa
paggawa ng pagtutuli sa kanilang mga
anak na lalaki. Ipinarada ang mga babae
sa buong lunsod at itinali sa kanilang
dibdib ang kanilang mga anak. At inihagis
sila mula sa pader ng lunsod. 11 Ipinag-
sumbong kay Felipe at sinunog ang iba
pang nagtipun-tipon sa mga malapit na
yungib para ipagdiwang ang Araw ng
Pahinga. Hindi nila ipinagtanggol ang sa-
rili bilang paggalang sa Araw ng Pahinga.
12 Hinihiling ko ngayon sa mga mam-
babasa ng aklat na ito na huwag manlu-
paypay sa mga kapahamakang ito. Isipin
ninyong di nangyari ang ganito para lipu-
lin ang aming lahi, kundi para ituring ito.
13 Ipinakikita ng Diyos ang kanyang ka-
gandahang-loob kapag di niya pinapaya-
gan ang mga makasalanan na patuloy na
magkasala sa mahabang panahon, kundi
pinarurusahan sila agad. 14 At tungkol
naman sa ibang bansa, hindi sila pinaru-
rusahan ng pasensyosong Diyos hanggat
di napupuno ang takalan ng kanilang
pagkakasala. 15 Ngunit pinakikitunguhan
niya kami sa naiibang paraan: hindi niya
hinihintay na mapuno ang takalan bago
kami parusahan. 16 Kayat di niya kailan-
man inaalis sa amin ang kanyang habag,
kundi pinarurusahan niya kami sa pama-
magitan ng kahirapan. Hindi niya pinaba-
bayaan ang kanyang bayan.
17 Sapat na ang mga salitang ito bilang
pagpapaalaala, at ipagpatuloy natin ang
kuwento.

**Pagkamartir ni Eleazar**

• 18 Pinilit si Eleazar, isa sa mga tanyag
na tagasulat, matanda na at anyong ma-
harlika, na ibuka ang kanyang bibig para
kumain ng karneng baboy. 19 Ngunit pinili
pa niya ang marangal na kamatayan
kaysa marungis na buhay, at kusang-loob
na nagpunta sa pook na pinaggulpihan sa
kanya hanggang mamatay. 20 Isinuka niya
nang buong-tapang ang piraso ng karne,
tulad ng dapat gawin ng mga ayaw gu-
mawa ng mga bagay na ipinagbabawal ng
Kautusan kahit na ikamatay nila ito.
21 Kinausap si Eleazar nang sarilinan ng
mga nangangasiwa sa handaang labag sa
Batas, yamang matagal na siyang kilala
ng mga ito, at hinimok siyang magkun-
wari na lamang na kinakain ang karne,
ngunit iyong ipinahintulot ng batas ang
talagang kakainin niya na siya mismo ang
maghahanda. 22 Kayat maaari siyang ma-
kaligtas sa kamatayan at tratuhin nang
makatao dahil sa matandang pagkakai-
bigan niya sa mga ito.
23 Ngunit gumawa siya ng dakilang
pasya na karapat-dapat sa kanyang gu-
lang, sa karangalan ng kanyang katan-
daan, sa kanyang mga ubang kumikintab
sa kaputian at sa walang maisusumbat na
buhay niya mula sa pagkabata. Higit sa

---

• 18. Kay ganda ng mga salita ni Eleazar:
– Ayaw niyang itago ang kanyang pananampa-
lataya.
– Mas gusto niya ang dangal kaysa buhay.
– Higit sa lahat ang pitagan niya sa Diyos.
– Ang mamatay dahil sa katapatan sa mga batas ng
Diyos ay isang dakilang halimbawa para sa mga kaba-
taaan.
– Naghihirap si Eleazar sa katawan, pero maligaya
siyang mamamatay.
Siya ang pinakahuwaran at modelo ng martir para sa
atin.

lahat, ipinakita niya ang paggalang sa ba-
nal na kautusang itinakda ng Diyos, at
sumagot na dapat siyang madaliang ipa-
dala sa lugar ng mga patay. At idinugtong
niya: 24 "Sa edad kong ito, kahiya-hiya
ang magkunwari; maniniwala rin ang mga
kabataan na kumampi pa ako sa mga
kaugaliang pagano, sa gulang na siyam-
napung taon, 25 kung maililigaw ko rin sila
sa aking pagkukunwari dahil sa maikli at
sandaliang buhay na ito at magdadala
lamang ako ng kahihiyan sa aking ka-
tandaan. 26 Mailigtas man ako ngayon sa
tao, hindi naman ako maliligtas – buhay
man o patay – sa mga kamay ng Maka-
pangyarihan. 27 Kayat minabuti kong
ihandog na ngayon nang buong tapang
ang aking buhay, sapagkat ito ang naba-
bagay sa aking edad. 28 Kayat makapag-
iiwan ako ng magandang halimbawa sa
mga kabataan, ang mamatay nang kusa
at may katapangan para sa sagrado at
banal na mga batas."

29 Pagkasabi nito, inihandog na niya
ang kanyang sarili sa kamatayan. Ipinala-
gay ng mga umagapay sa kanya na kau-
lulan ang kanyang mga sinabi, kayat na-
palitan ng karahasan ang dating kahina-
hunan ng mga ito.

30 Nang nasa bingit na siya ng kama-
tayan dahil sa pamamalo, sinabi niya
nang padaing: "Alam ng Banal na Pangi-
noon, na nakikita ang lahat, na bagamat
maaari kong iligtas ang aking sarili sa
kamatayan, tinitiis ko ngayon ang kakila-
kilabot na pagpapahirap sa aking kata-
wan. Ngunit malugod na nagtitiis ang
aking kaluluwa dahil sa paggalang ko sa
Kanya." 31 Sa kanyang kamatayan, nag-
iwan siya ng dakilang halimbawa at ban-
tayog sa kabutihang asal at lakas, hindi
lamang sa kabataan kundi maging sa
buong bansa.

**Pagkamartir ng pitong magkakapatid na lalaki**

**7** • 1 May hinuli ring pitong magkaka-
patid na lalaki, kasama ang kanilang
ina. Ipinahagupit sila ng hari para pilitin
silang kumain ng karneng baboy na ipi-
nagbabawal ng Batas.

2 Nagsalita ang isa para sa iba at nag-
sabi: "Ano ang gusto mong matuklasan
sa amin? Nakahanda kaming mamatay
ngayon kaysa sirain namin ang batas ng
aming mga ninuno."

3 Sumiklab ang poot ng hari at iniutos
na initin ang mga ihawan at kaldero sa
apoy. 4 Nang nagbabaga na ang mga ito,
iniutos niyang putulan ng dila ang taga-
pagsalita, anitan ng ulo, putulan ng mga
paa at kamay, habang nakatingin ang
mga kapatid at ina.

5 Nang maputol na ang mga bahagi ng
katawan ng humihinga pang lalaki, ini-
utos ng hari na ilapit ito sa apoy at ihawin.
Habang umaalimbukay ang usok sa iha-
wan, pinalalakas ng isa't isa sa magka-
kapatid at ng kanilang ina ang kanilang
loob, para mamatay silang matatapang.
At kanilang sinabi: 6 "Nakikita tayo ng
Panginoon, at tiyak na nahahabag siya sa
atin, tulad ng ipinahayag ni Moises sa
kanyang awit at maliwanag na sinabi:
'Mahahabag ang Panginoon sa kanyang

---

• **7.1** Sa pagkukuwento sa atin ng pagkamartir ng pitong magkakapatid na iyon, na hindi alam ang mga pangalan, pinapamutawi sa kanilang mga labi ng sumulat nito ang pahayag ng pananampalataya nila sa kawalang-kamatayan. Ito ang pinakamahalagang mensahe ng librong ito.

Sa naunang mga dantaon, para sa sambayanan sa kabuuan nito ang mga pangako ng Diyos. Ang tanging inaasahan lamang ng sumasampalataya ay ang pagpapatuloy at kasaganaan ng kanyang lahi.

Naririto ang isang malaking hakbang. Muling mabubuhay ang tao. Hindi lamang ito ang pag-asa na patuloy na mabubuhay ang espiritu o kaluluwa: naniniwala ang sumasampalataya na muli siyang mabubuhay sa buo niyang katauhan para makaharap ang Diyos. Sa pangitain ng mga tuyong buto sa Ezekiel 37, ipinangako ng Diyos na muli niyang bubuhayin ang kanyang bayang patay. Ngayon nama'y bawat tao ang siyang umaasang babangon at titindig, katawan at kaluluwa, para makibahagi sa kaligayahang ipinangako ng Diyos at kanyang ibibigay sa pinakahuling araw.

Kung hindi muling mabubuhay ang mga martir, paano mabibigyang-katuparan ng Diyos ang katarungan?

mga lingkod.'" 7 Nang lisanin ng una ang
daigdig sa ganitong paraan, kinuha na
ang pangalawa para patayin. Pagkatapos
alisin ang kanyang anit at buhok sa ulo,
tinanong siya: "Alin ang gusto mo: ku-
main ng karneng baboy o pahirapan ka sa
bawat kasu-kasuan?" 8 Sumagot siya sa
wika ng kanyang mga ninuno: "Hindi ako
kakain." At pinahirapan din siya.

9 Sa kanyang huling hininga, sinabi
niya: "Kriminal, inaalis mo kami sa buhay
ngayon, ngunit ibabangon kaming muli
ng Hari ng Daigdig sapagkat namatay
kami para sa kanyang mga kautusan. At
bibigyan niya kami ng buhay na walang
hanggan."

10 Pinarusahan naman ang pangatlo.
Inilabas niya ang kanyang dila nang pag-
sabihan siyang gawin iyon, buong tapang
na iniunat ang kanyang mga kamay, 11 at
may kagitingang sinabi: "Tinanggap ko
ang mga kamay na ito mula sa Diyos,
ngunit di ko na pinahahalagahan ang mga
ito alang-alang sa kanyang mga kautu-
san. At inaasahan kong mabawi ang mga
ito sa Diyos." 12 Naantig ang damdamin
ng hari at ng kanyang korte dahil sa ta-
pang ng binata na hindi alintana ang pag-
hihirap.

13 Nang patay na ang binatang ito, pi-
nahirapan naman ang pang-apat sa ga-
yunding paraan. 14 Sa bingit ng kamata-
yan, sinabi niya nang malakas: "Higit na
mabuti ang mamatay sa kamay ng tao, at
hintayin ang mga pangako ng Diyos na
muling bubuhay sa amin; ngunit walang
muling pagkabuhay para sa iyo."

15 Kinuha agad ang panlima at pina-
hirapan siya. 16 Ngunit tinitigan niya ang
hari at sinabi: "Bagamat tao ka, may ka-
pangyarihan sa mga tao at nagagawa ang
gusto mo. Ngunit huwag mong isiping
pinabayaan na ng Diyos ang aming lahi.
17 Maghintay ka at makikita mo ang
kanyang dakilang kapangyarihan kapag
pinahirapan ka niya pati ang iyong mga
inapo."

18 Pagkatapos nito, kinuha nila ang
pang-anim na sa bingit ng kamatayan ay
nagsabi: "Huwag kang magkamali. Nag-
hihirap kami dahil din sa aming sarili sa-
pagkat nagkasala kami sa aming Diyos;
kayat dumating sa amin ang di kapani-
paniwalang mga bagay na ito. 19 Ngunit
huwag mong isiping di ka na mapapa-
rusahan matapos mong kalabanin ang
Diyos."

20 Higit kaninuman, dapat na hangaan
at laging alalahanin ang kanilang ina.
Nasaksihan niyang pinatay sa isang araw
ang kanyang pitong anak na lalaki. Ngu-
nit natiis niya iyon nang may tuwa, sa-
pagkat nanalig siya sa Panginoon. 21 Pi-
nuspos siya ng dakilang damdamin ng
karangalan at pinalakas niya ang loob ng
bawat isa sa wika ng kanilang mga ni-
nuno. Naantig ng panlalaking katapangan
ang kanyang pambabaeng puso at sinabi
niya:

22 "Nagtataka ako kung paano kayo
lumitaw sa aking sinapupunan; hindi
naman ako ang nagbigay sa inyo ng hi-
ninga at buhay, o nag-ayos ng laman ng
inyong katawan. 23 Ang Maylikha ng daig-
dig na humubog sa tao sa simula at nag-
takda ng pagsisimula ng lahat ng likha
ang siyang magbibigay na muli ng inyong
hininga at buhay, sa kanyang habag,
sapagkat binale-wala ninyo ang mga ito
dahil sa pag-ibig sa kanyang mga kau-
tusan."

24 Inisip ni Antioko na kinukutya siya ng
babae at iniinsulto. Buhay pa ang bunso,
kayat sinikap ng hari na makuha ang loob
nito at ipinangakong payayamanin niya at
paliligayahin ito, kung tatalikuran nito ang
tradisyon ng mga ninuno. Gagawin ng
haring Kaibigan ang binata at bibigyan ng
mataas na puwesto sa kaharian. 25 Ngunit
di siya pinansin ng binata, kayat pina-
kiusapan ng hari ang ina. Hinimok ng hari
na payuhan ng ina ang anak para mai-
ligtas ang buhay nito. 26 Pagkatapos na
himukin siya ng hari nang dalawang ulit,

pumayag siyang hikayatin ang kanyang anak. 27 Yumuko siya at nilinlang ang malupit na hari sa pagsasalita sa wika ng kanyang mga ninuno:

"Anak ko, maawa ka sa akin. Siyam na buwan kitang dinala sa aking sinapupunan at pinasuso kita nang tatlong taon; pinakain at pinalaki at pinangalagaan hanggang sa araw na ito. 28 Hinihingi ko sa iyo, aking anak, na kapag tumingala ka at nakita mo na ang langit, ang lupa at lahat ng naroon, aminin mong di ginawa ng Diyos ang lahat ng ito mula sa ibang umiiral na at gayundin niya ginawa ang lahi ng tao. 29 Huwag kang matakot sa berdugong ito, ngunit maging karapat-dapat ka sa iyong mga kapatid – tanggapin mo ang kamatayan para magkita tayong muli pati ang iyong mga kapatid sa panahon ng habag."

30 Pagkatapos niyang magsalita, sinabi ng binata: "Ano pa ang hinihintay ninyo? Hindi ang utos ng hari ang sinusunod ko kundi ang tagubilin ng Batas na ipinagkaloob ni Moises sa aming mga ninuno. 31 At ikaw na lumikha ng kung anu-anong uri ng pagpapahirap sa mga Ebreo, hindi ka makaliligtas sa mga kamay ng Diyos. 32 Ang aming sariling kasalanan ang dahilan kung bakit naghihirap kami ngayon. 33 Pinangangaralan kami at itinutuwid ng aming Panginoon; buhay nga siya at nagagalit siya sa amin sa loob ng maikling panahon, ngunit muli siyang makikipagkasundo sa kanyang mga lingkod.

34 At ikaw naman, na napakasama at pinakamarumi sa mga tao, huwag kang magyabang o magpadala sa iyong walang-saysay na pag-asa. Huwag mong itaas ang iyong kamay laban sa mga anak ng Langit. 35 Hindi ka nga nakaliligtas sa hatol ng Makapangyarihang Diyos, na nakakakita sa lahat ng bagay. 36 Nagtiis ang aming mga kapatid ng maikling paghihirap alang-alang sa buhay na walang hanggan at napasailalim sa tipan ng Diyos. Ngunit parurusahan ka nang karapat-dapat sa iyong kayabangan.

37 Kasama ng aking mga kapatid, inihahandog ko ang aking katawan at kaluluwa para sa mga kautusan ng aming mga ninuno, at hinihiling ko sa Diyos na nawa'y kahabagan niya agad ang aming lahi, at sa pagsubok at paghihirap na ito, nawa'y aminin mo na siya ang tanging Diyos. 38 Sa pamamagitan ko at ng aking mga kapatid magwakas nawa ang poot ng Makapangyarihan na makatarungang bumagsak sa aming buong lahi."

39 Mas nagalit ang hari sa kanya kaysa iba dahil sa kanyang pang-iinsulto at lalong naging malupit sa kanya ang hari. 40 Kayat namatay din ang bunso nang di nadungisan at may buong pananalig sa Diyos. 41 Pagkatapos ng kanyang anak, namatay na rin ang ina.

42 Sapat na ito para malantad ang nangyari hinggil sa mga paghahandog ng mga pagano at ang mga pagpapahirap na lumalampas sa kahit anumang panukat.

**Unang mga laban ni Judas Macabeo**

**8** 1 Samantala, lihim na pumasok sa mga bayan-bayan si Judas, na tinatawag na Macabeo, at ang kanyang mga kasamahan para tawagin ang kanilang mga kamag-anak, at tipunin ang mga nananatiling tapat sa Judaismo, hanggang sa makatipon siya ng mga anim na libong tao. 2 Dumalangin sila sa Panginoon na ibaling niya ang kanyang tingin sa kanyang bayang pinahihirapan sa lahat ng panig at kahabagan ang Santuwaryong nilapastangan ng mga taong walang takot sa Diyos, 3 mahabag sa lunsod – na nagiba at halos napatag – pakinggan ang tawag ng dugong umaabot sa kanya; 4 at huwag kalimutan ang di makatarungang pagpatay sa mga batang walang malay at ipakita ang kanyang poot sa mga lumapastangan sa kanyang Pangalan.

5 Nauwi sa habag ang poot ng Panginoon, at pagkatatag ni Macabeo ng kanyang mga hukbo di na sila nalupig ng mga pagano.

6 Biglaan ang kanyang pagsalakay, at
sinunog niya ang mga lunsod at bayan,
sinakop ang mahahalagang lugar, at nai-
taboy ang maraming kaaway. 7 Ginamit
niya ang karimlan ng gabi para isagawa
ito at siya at ang kanyang katapangan
ang pinag-usapan sa lahat ng dako.

8 Nakita ni Felipe na unti-unting nananalo si
Judas at dumarami ang kanyang tagumpay,
kayat sumulat siya kay Tolomeong komis-
yonado militar ng Kele-siria at Fenecia, para
tulungan siya sa paglilingkod sa hari. 9 Pinili
kapagdaka ni Tolomeo si Nicanor, na anak ni
Patroclo, at isa sa mga unang Kaibigan ng hari,
at pinamunuan niya ang dalawampunlibong
pagano na nagmula sa lahat ng bansa, para
lipulin ang lahat ng Judio. At inilagay niya sa tabi
nito si Gorgias, ang heneral na malaki ang
karanasan sa digmaan.

10 Binalak ni Nicanor na makalikom ng dala-
wang libong talento sa pagbibili ng mga ma-
bibihag na Judio para mabayaran ang buwis na
utang ng hari sa mga Romano. 11 Kayat inan-
yayahan niya ang lahat ng lunsod sa pampangin
para dumalaw at bumili sa halagang isang
talento ng siyamnapung alipin. Hindi niya
isinaalang-alang ang kaparusahang igagawad
sa kanya ng Makapangyarihan.

12 Nabalitaan ni Judas na sumasalakay na si
Nikanor kasama ang malaking hukbo, at sina-
bihan niya ang kanyang mga sundalo. 13 Kayat
nagsitakas ang mga duwag at walang pananalig
sa katarungan ng Diyos. 14 Ipinagbili naman ng
iba ang lahat ng kanilang ari-arian at hiniling sa
Diyos na iligtas sila sa walang takot sa Diyos na
si Nicanor na nagbili sa kanila bago pa mag-
labanan. 15 Idinalangin nila na kung di man sila
ililigtas ng Panginoon dahil sa kanilang mga
katangia'y iligtas sila alang-alang man lamang
sa tipang ibinigay niya sa kanilang mga ninuno,
at dahil sa pagpapala sa kanila ng kanyang
dakila at kagalang-galang na Pangalan.

16 Muling tinipon at isinaayos ni Macabeo ang
kanyang hukbong umabot sa anim na libong
sundalo, at pinangaralan silang huwag matakot
sa kaaway, at sa halip labanan nang buong-
tapang ang kanilang mga di makatarungang
kaaway, kahit mas marami ang mga ito. 17 Ipina-
gunita niya sa kanila kung paanong nilapas-
tangan ng mga ito ang Banal na Lugar, pinatay
ang mga taga-Jerusalem at inalis ang kanilang
mga institusyong tradisyonal. 18 Sinabi niya:
"Nagtitiwala sila sa kanilang mga armas at
katapangan, ngunit nagtitiwala tayo sa Diyos-
na-Makapangyarihan-sa-Lahat, na maaaring
mapalis ang lahat ng sumasalakay sa ating
lupain, at maging ang buong daigdig sa isang
hampas lamang." 19 Isinalaysay niya ang mga
pagkakataong tinulungan ng Diyos ang kani-
lang mga ninuno, lalo na nang lipulin ang san-
daa't walumpu't limang libong sundalo sa pa-
mumuno ni Senakerib. 20 Ipinagunita rin niya
ang nangyari sa Babilonia, sa pakikidigma
laban sa mga taga-Galasya. Sa araw na iyon
walunlibong Judio ang kasamang nakipaglaban
ng apat na libong Macedonio. Nagipit ang mga
Macedonio, kayat pinatay ng mga Judio ang
dalawampung libong kaaway sa tulong ng
langit, at sinamsam ang maraming ari-arian.

21 Pinalakas ni Judas ang kanilang loob ng
mga katagang ito, at naging handa silang ma-
matay para sa mga kautusan at sa bansa. Hinati
niya ang hukbo sa apat na pangkat. 22 At iti-
nalaga niya ang kanyang mga kapatid na sina
Simon, Jose at Yonatan para pamunuan ng
bawat isa ang isang pangkat ng sanlibu't
limandaang sundalo. 23 Iniutos niya ang pag-
basa sa Banal na Aklat, at ibinigay niya ang
kanilang kontrasenyas: "Tulong Mula sa Diyos."
Pinamunuan niya ang unang batalyon na suma-
lakay kay Nicanor. 24 Sa tulong ng Makapang-
yarihan nila pinatay ang siyam na libong ka-
away; sinugatan at nilumpo ang marami sa
hukbo ni Nicanor, at pinatakbo ang iba pa.
25 Inagaw rin nila ang pera ng mga dumating
para bumili ng Judio.

Pagkahabol nila sa mga iyon, napilitan silang
bumalik sapagkat gumagabi na. 26 Bisperas na
ng Araw ng Pahinga; ito ang dahilan kayat itinigil
ang paghabol sa mga kaaway. 27 Tinipon nila
ang mga armas at ang mga nakamkam sa mga
bangkay, at ipinagdiwang ang Araw ng Pahinga
nang may pagpupuri at pasasalamat sa Diyos
na nagligtas sa kanila sa araw na iyon at nag-
simulang magpakita ng habag sa kanila. 28 Pag-
karaan ng Araw ng Pahinga, binahaginan nila ng
nakamkam ang mga pinahirapan, mga biyuda
at mga ulila; at pinaghatian nila at ng kanilang
mga tauhan ang natira. 29 Pagkagawa nito, hini-
ling nila sa Mahabaging Panginoon, sa pamba-
yang pananalangin, na makipagkasundo na
siya sa kanyang mga lingkod.

30 Sa pakikipagsagupa sa hukbo nina Ti-
moteo at Bakides, nakapatay sila ng higit sa
dalawampunlibong sundalo at sinakop nila ang
mga napapaderang lunsod. Hinati-hati nila
nang pantay-pantay ang malaking nasamsam,
sa kanilang sarili, sa mga pinahirapan, sa mga
ulila, sa mga biyuda at sa matatanda.

31 Maingat nilang itinago sa mga ligtas na

lugar ang mga armas na nasamsam nila sa mga kaaway, at dinala ang nalalabi pa sa nasamsam sa Jerusalem. 32 Pinatay nila ang punong tanod ni Timoteo, isang napakasamang taong gumawa ng napakaraming kasamaan sa mga Judio. 33 At habang ipinagdiriwang nila ang tagumpay sa Jerusalem, sinunog naman nilang buhay ang mga sumunog sa mga pintuan ng Templo, kabilang si Kalistenes na nagtago sa isang maliit na bahay. Kayat pinagbayaran ng mga ito ang kanilang kalapastanganan sa Diyos.

34 Si Nicanor, na tatlong ibayong hamak, na nagsama ng libu-libong mangangalakal para bilhin ang mga Judio, 35 ay hiniya, sa tulong ng Diyos, ng mga tao mismong minaliit niya noon. Hinubad niya ang kanyang maharlikang kasuotan at tumakas sa lupain na isang pugante. Dumating siya sa Antiokia, at nagpasalamat na di siya nalipol kasama ng kanyang hukbo.

36 Siya na naghangad na bayaran ang utang na buwis sa mga Romano sa pamamagitan ng pagbibili ng mga Judio, ang nagpapatunay ngayon na di masusupil ang mga Judio, na May Isang nakikipaglaban para sa kanila sapagkat sumusunod sila sa mga kautusang inilagda niya.

**Kamatayan ng mang-uusig**

**9** • 1 Kinailangan ni Antiokong magbalik nang panahong iyon na walang kaluwalhatian mula sa mga rehiyon ng Persia. 2 Pinasok niya ang isang lunsod na tinatawag na Persepolis, at tinangkang samsaman ang templo at sakupin ang lunsod. Subalit nag-himagsik ang mga tagaroon at nagpatakbo sa kanya. Pagkatapos ni Antioko at ng kanyang mga tauhan, umuwi sila sa gitna ng malaking kahihiyan. 3 Dumating si Antioko sa Ecbatana, at ipinaalam sa kanya ang nangyari kina Nicanor at Timoteo sa Israel. 4 Nagsiklab ang kanyang galit at ipinasyang papagbayarin ang mga Judio dahil sa tinanggap niyang kahihiyan sa Persepolis noong mapilitan siyang tumakas.

Iniutos niya sa kutsero ng karwahe na magmadali at huwag titigil hangga't di nararating ang pupuntahan: malapit na nga ang hatol sa kanya ng Diyos. Sinabi niya sa kanyang kapalaluan: "Pagdating ko sa Jerusalem, gagawin ko iyong libingan ng mga Judio." 5 Ngunit sinaktan siya ng Panginoon na nakakakita sa lahat, ang Diyos ng Israel, ng karamdaman sa loob ng katawan na walang lunas. 6 Hindi pa siya halos natatapos sa pagsasalita nang makaramdam siya ng matinding sakit sa kanyang sikmura at nanakit ang kanyang buong katawan. Talagang makatarungan ito para sa nagpahirap sa iba sa kanilang sikmura sa di-mabilang na mga bagong kaparusahan. 7 Ngunit di nito nabawasan ang kanyang kayabangan. Dahil sa kanyang matinding galit sa mga Judio, iniutos niyang lalong pabilisin ang paglalakbay. Ngunit dahil sa bilis ng takbo ng karwahe, nahulog si Antioko at lalong lumubha ang kanyang kalagayan.

8 Kani-kanina lamang, dala ng isang "malahalimaw" na kayabangan, inisip niyang utusan ang mga alon ng dagat at timbangin ang mga tuktok ng kabundukan. Ngayo'y nakadapa siya sa lupa at kailangang buhatin sa pamamagitan ng isang istretser; at naging maliwanag sa lahat ang kapangyarihan ng Diyos. 9 Dumami ang mga uod sa katawan ng lapastangang ito; naghihiwa-hiwalay na ang kanyang laman kahit buhay pa siya, kayat nabuhay siya sa gitna ng matinding kirot at napalayo ng kanyang pagalingasaw ang buong hukbo. 10 Kamakailan lamang, inakala niya na kayang abutin ng kanyang mga kamay ang mga bituin sa langit at ngayon, walang makapagdala sa kanya dahil sa di matiis na amoy. 11 Nang wasakin siya nang gayon, unti-unting nabawasan ang kanyang kayabangan, at sa paghagupit sa kanya ng Diyos, naunawaan na rin niya ang nangyari nang palagian na ang kirot at pananakit. 12 Hindi na niya matagalan ang kanyang baho at sinabi niya: "Tama lamang na sumuko sa Diyos; huwag maghangad ang tao, na mamamatay, na maging kapantay ng Diyos." 13 At nangako ang sawimpalad sa May-ari na di na mahahabag sa kanya.

14 Madalas niyang gustong puntahan ang Jerusalem para patagin iyon at gawing libingan.

---

• **9.1** Kung paano naggagawad ng katarungan ang Diyos. Kaiba kaysa 1 Mac 6 ang pagsasalaysay sa pagkamatay ni Antioko kaya maiisip natin na hindi lahat ay tama sa popular na istoryang ito. Pero hindi nagkakamali ang awtor sa paglalahad sa pagbabagong hatid ng pagkakasakit at paghihirap ng mga nasa kapangyarihan.

Sa mga sandaling iyon, nakikita nila kung ano talaga sila, pati na ang kanilang kayabangan. Nadidiskubre nila ang kaugnayan ng kasalukuyan nilang mga kahihiyan sa mga ipinalasap nila sa iba. Bagamat huli na'y nangangako silang magbabagong-buhay kung bubuhayin sila ng Diyos.

Ipinakikita ng wakas ng tagausig na kung para sa kabilang buhay ang mga tunay na parusa ng Diyos, may mga kasalanan din naman na lubhang kasuklam-suklam kayat sa mundong ito mismo pinarurusahan ang mga ito, upang maging halimbawa para sa iba at konsuwelo sa mga naghihirap at inaapi.

Ngunit ngayon, nangangako siyang gawin
iyong malayang lunsod. 15 Siya na dati'y gus-
tong ipatapon na lamang ang mga Judio, ka-
sama ang mga anak nito, sa mga mababangis
na hayop sa halip na ilibing, ay nag-aalok nga-
yon na gawin silang kapantay ng mga Ate-
niense. 16 Ninakawan niya ang templo at nila-
pastangan ang Banal na Lugar; ngunit nanga-
ngako siya na lalagyan iyon ng mararangyang
palamuti, ibabalik ang malaking bilang ng mga
banal na sisidlan at babayaran sa kanyang mga
kinita ang lahat ng gagastusin sa mga pagha-
handog. 17 At bukod dito nangangako siyang
magiging Judio at ipahahayag sa lahat ng pina-
ninirahang dako ang kapangyarihan ng Diyos.

18 Ngunit di nabawasan ang kanyang nada-
ramang sakit sapagkat nakapataw na sa kanya
ang makatarungang hatol ng Diyos. Nawalan na
siya ng pag-asang gumaling at sinulatan ang
mga Judio ng isang sulat ng pagsamo: 19 "Sa
mararangal na Judio na mga kababayan namin,
sumainyo nawa ang mabuting kalusugan, kasa-
ganaan at lahat ng mabubuting bagay mula sa
hari at heneral, Antioko. 20 Kung nasa mabuting
kalagayan kayo at ang inyong mga anak at
natupad ang inyong mga kahilingan, nagpapa-
salamat kami sa Langit, sapagkat naaalaala
namin ang inyong tanda ng pagmamahal at
kabutihang loob. 21 Sa aking pagbabalik mula sa
Persia, muntik na akong mamatay at dahil dito,
naisip kong kailangan nang pagmalasakitan ang
kaligtasan ninyong lahat. 22 Hindi ako nawa-
walan ng pag-asa sa aking kalagayan, at malaki
ang aking pag-asang gumaling pa sa karam-
damang ito. 23 Ngunit naisip ko kung paano
hinihirang ng aking ama ang kanyang kahalili
tuwing may ginagawang pagsalakay na militar
sa mga mataas na lupain. 24 Sa gayon di maba-
balisa ang kanyang mga nasasakupan kung may
mangyaring di inaasahan o kung datnan siya ng
kasawian, kundi malalaman ng lahat kung sino
ang nasa kapangyarihan. 25 Alam kong nag-
aabang ang mga hari sa paligid, sa karatig na
bansa, ng magandang pagkakataon at naghihin-
tay sila ng mga pangyayari. Kayat hinihirang ko
ang aking anak na si Antioko bilang hari. Naipa-
kilala ko na siya sa karamihan sa inyo, nang
magpunta ako sa mga rehiyon sa hilaga. Pina-
dalhan ko na rin siya ng sulat na ipinararating ko
sa inyo. 26 Kayat hinihiling kong isaalang-alang
ninyo ang mga biyayang tinanggap ng bawat isa
sa inyo mula sa akin at panatilihin sa aking anak
ang kabutihang ipinakita ninyo sa akin. 27 Nati-
tiyak kong susundin niya ang aking mga pata-
karan ng kahinahunan at pagkamakatao, kayat
makakasundo ninyo siya."

28 Ganito nagwakas ang lapastangan sa
Diyos at kriminal na dumanas ng katakut-takot
na paghihirap tulad ng ipinataw niya sa iba.
Namatay siyang kahabag-habag sa kabun-
dukan ng lupaing banyaga. 29 Dinala ang kan-
yang bangkay ng kanyang kasamang si Felipe.
Nagtuloy si Felipe sa Ehipto, sa kaharian ni
Tolomeo Pilometor, sapagkat natatakot siya sa
anak ni Antioko.

**Dinalisay ni Judas ang Templo**

10 1 Sa tulong ng Diyos, nabawi ni Macabeo
at ng kanyang mga kasama ang Templo
at ang lunsod. 2 Winasak nila ang mga altar na
itinayo ng mga pagano sa mga plasa, gayundin
ang mga banal na bakuran. 3 Dinalisay nila ang
Templo, at nagtayo sila ng bagong altar. Nag-
sindi sila ng apoy mula sa kiniskis na bato, at
nag-alay muli ng mga handog pagkaraan ng
dalawang taon. Muling nagkaroon ng pagsu-
sunog ng kamanyang, pagsisindi ng ilawan at
paglalagay ng tinapay ng presensya.

4 Pagkatapos gawin ang lahat ng ito, dumapa
sila sa lupa at hiniling sa Panginoon na huwag na
silang padalhan ng gayong mga kalamidad.
Ngunit kung magkakasala pa sila, hiniling
nilang iwasto niya sila sa mahinahong pamama-
raan at huwag silang ibigay na muli sa kamay ng
mga lapastangan at mabangis na mga dayuhan.

5 Naganap ang pagdadalisay sa Templo sa
petsa nang lapastanganin iyon ng mga da-
yuhan, sa ikadalawampu't lima ng buwan ng
Casleu. 6 Walong araw nilang ipinagdiwang ang
pista sa paraang tulad din nang ipagdiwang ang
Pista ng mga Kubol, at ginunita nilang di pa
natatagalan, sa gayunding petsa, nagkampo
sila sa kabundukan at sa mga kuweba, tulad ng
mababangis na hayop.

7 Umawit sila ng mga imno na hawak ang
mga sanga ng puno at mga palma sa Kanya na
gumaganap ng pagdadalisay ng sariling Banal
na Lugar.

8 Ipinasya rin nila sa botohan ng bayan na
ipagdiwang ng buong bansang Judio ang pang-
yayaring ito taun-taon.

**Nilupig ni Judas ang mga Idumeo**

9 Ito ang mga nangyari nang mamatay si
Antiokong tinatawag na Epifanes. 10 Ikukuwento
naman namin ngayon ang mga naganap sa
ilalim ni Antioko Eupator, na anak ng lapasta-
ngan sa Diyos, at bubuurin namin ang mga
kahirapan na dala ng digma.

11 Itinalaga niya si Lisias pagkamana niya ng
kaharian para pangasiwaan ang mga gawain at
manungkulan bilang punong heneral sa Kele-

siria at Fenecia. 12 Sinikap naman ni Tolomeong
tinatawag na Macron, na bigyan ng kasiya-
siyang kalutasan ang lahat ng problema ng mga
Judio. Siya ang unang naging makatarungan sa
mga Judio nang makita niya ang di maka-
tarungang pakikitungo sa mga ito. 13 Dahil dito,
pinagbintangan siya ng mga Kaibigan kay
Haring Eupator. Palagi siyang tinatawag na
taksil, at inuulit-ulit sa kanya na tinalikuran niya
noon ang lupain ng Chipre, na ipinagkatiwala sa
kanya ni Pilometor, para pumanig lamang kay
Antioko Epifanes.

Nang di na niya mabawi ang kanyang kara-
ngalan, naglason siya hanggang mamatay.

14 Noon naman hinirang si Gorgias na heneral
ng mga rehiyong iyon, at sari-saring paraan ang
ginamit niya para ituloy ang digma laban sa mga
Judio. 15 Ang mga Idumeo naman na may mga
mahalagang kuta ang lumiligalig sa mga Judio.
Tinipon nila ang mga takas mula sa Jerusalem,
at pinatagal ang digmaan.

16 Sinalakay ng mga tauhan ni Macabeo ang
mga tanggulan ng mga Idumeo matapos ma-
nalangin at hingin sa Panginoon na samahan sila
sa pakikipaglaban. 17 Dahil sa matinding pagsa-
lakay, nasakop nila ang lugar at natalo ang mga
nakikipaglaban sa pader. Pinatay ang lahat ng
nahulog sa kanilang mga kamay at nakapatay
sila ng mahigit sa dalawampunlibong tauhan.

18 Hindi kukulangin sa siyam na libong tau-
han ang nagtago sa dalawang toreng matibay na
napapaderan na may sapat na pangangaila-
ngan para matagalan ang mahabang pag-
kubkob. 19 Kaya iniwan ni Macabeo sina Simon,
Jose pati sina Sakeo, na sapat ang bilang para
maisagawa ang pagkubkob. At pumunta siya sa
lugar na mas kailangan siya.

20 Subalit nagpadala sa kasakiman ang mga
tauhan ni Simon at binili sila ng pilak ng mga
nasa tore. Kayat kapalit ng animnapung libong
pirasong pilak, pinabayaan nilang tumakas ang
ilan sa mga ito. 21 Nabalitaan ito ni Macabeo, at
agad niyang tinipon ang bayan at pinaratangan
silang ipinagbili nila ang kanilang mga kaba-
bayan sapagkat pinatakas nila ang mga kaaway
dahil sa pera. 22 Hinatulan niya ng kamatayan
ang mga iyon, sa pagiging taksil, at inagaw agad
ang mga tore. 23 Nagtagumpay ang kanyang
mga sundalo at nakapatay siya ng mahigit sa
dalawampunlibong tao sa dalawang tore.

24 Tinipon ni Tomoteong natalo na noon ng
mga Judio ang malaking bilang ng mga baya-
rang sundalo at malaking bilang ng mga kabayo
mula sa Asia. At dumating siya sa Judea para
sakupin iyon sa dahas. 25 Bago siya sumala-
kay, namanhik sa Diyos ang mga tauhan ni
Macabeo, binudburan ng alikabok ang kanilang
mga ulo at nagsipagsuot ng sako. 26 Yumukod
sila sa paanan ng altar at hiningi sa Diyos na
pakitunguhan silang mabuti at maging kaaway
ng kanilang mga kaaway, kalaban ng kanilang
mga kalaban, tulad sa naipahayag ng Batas.

27 Pagkapanalangin, kumuha sila ng armas at
lumabas nang malayo sa lunsod, at tumigil sila
nang malapit na sa kaaway. 28 Nagsagupa ang
dalawang panig nang madaling-araw. Inasahan
ng isang panig ang tagumpay sa kanilang tiwala
sa Panginoon, bukod sa kanilang katapangan;
samantalang pinakilos ng poot ang kabila.
29 Nang nasa kainitan ang labanan, may lumitaw
mula sa kalangitan sa harap ng mga kaaway, na
limang lalaking nangingislap ang kasuotan at
nakasakay sa mga kabayong may gintong
kabisada, at nanguna sa mga Judio.

30 Pinaligiran nila si Macabeo at ipinagtang-
gol siya ng mga armas, kayat di siya tinablan.
Gayundin naman, nagpaulan sila ng palaso at
kulog sa mga kaaway na nagsibagsak, nagtak-
buhan at kumalat, nalilito at bulag. 31 Dalawam-
punlibo't limandaang lakad na kawal ang gi-
nilitan ng lalamunan pati na ang animnaraang
kabayuhan.

32 Nanganlong si Timoteo sa isang mahala-
gang tanggulan na tinatawag na Gezer at pina-
mumunuan ni Keras. 33 Buong tapang na sina-
lakay ng mga kasama ni Macabeo ang kuta sa
loob ng apat na araw. 34 Nagtitiwala ang mga
nasa loob ng kuta na matibay iyon, kayat inin-
sulto nila at sinumpa ang mga Judio.

35 Nang madaling-araw ng ikalimang araw,
dalawampung binata mula sa hukbo ni Maca-
beo, na nagsiklab ang poot dahil sa paglapas-
tangang naririnig nila, ang buong tapang na
sumalakay sa pader at pinatay ang sinumang
lalaking biglang haharap sa kanila. 36 Sinaman-
tala ng iba ang kaguluhang ito para makaakyat
sa pader at sunugin ang mga tore. Sinilaban nila
ng mga siga at nasunog na buhay ang mga
lapastangan. Sinira naman ng iba ang mga
pintuan at pumasok ang iba pang hukbo para
sakupin ang lunsod.

37 Ginilitan nila ng lalamunan si Timoteo na
nagtatago sa balon, gayundin ang kanyang ka-
patid na si Kereas at si Apolofanes. 38 Pagkata-
pos ng lahat ng ito, umawit sila ng mga imno at
papuri sa Panginoon na dumakila sa Israel at
nagbigay sa kanila ng tagumpay.

**Unang laban ni Lisias**

**11** 1 Makalipas ang maikling panahon, hindi
nasiyahan sa mga pangyayari si Lisias,
na guro at kamag-anak ng hari, at pinuno ng

pamahalaan. 2 Tinipon niya ang mga walum-
punlibong sundalo at ang buong hukbong kaba-
yuhan. 3 Sinalakay niya ang mga Judio at bina-
lak na gawing kolonyang Griyego ang lunsod ng
Jerusalem, pagkakitaan ang Templo, tulad sa
ginawa nila sa iba pang santuwaryo ng mga
pagano, at ipagbili rin taun-taon ang puwesto ng
Punong Pari.

4 Hindi niya isinaalang-alang ang kapang-
yarihan ng Diyos kundi umahon siya, kasama
ang sampunlibong lakad na kawal, ang libu-
libong mangangabayo, at ang kanyang walum-
pung elepante. 5 Pumasok siya sa Judea, ma-
lapit sa Bet-sur, na isang malakas na lunsod na
ilang kilometro ang layo sa Jerusalem, at sina-
kop iyon.

6 Nabalitaan ng mga tauhan ni Macabeo na
sinimulan na ni Lisias ang pagkubkob sa ka-
nilang malalakas na lunsod, at nanalangin sila
sa Panginoon, kasama ang buong bayan. Nagsi-
sitangis sila at nananaghoy, para magsugo ang
Panginoon ng mabait na anghel na magliligtas
sa Israel. 7 Si Macabeo mismo ang unang huma-
wak ng sandata at humikayat sa iba na sumama
sa kanya para harapin ang panganib at tulungan
ang kanilang mga kapatid. Magkakasama
silang umalis na puno ng sigasig. 8 Malapit pa
sila sa Jerusalem, nang lumitaw ang isang
mangangabayong nakaputi at may ginintuang
baluti at tumayo ito sa unahan nila. 9 Kayat
parang iisang tinig na pinapupurihan ng lahat
ang mahabaging Diyos. Lumakas ang kanilang
loob at naging handa, hindi lamang para harapin
ang mga tao kundi pati ang pinakamababangis
na hayop at mga pader na bakal.

10 Nagpatuloy sila sa tulong ng kakamping
galing sa langit, sapagkat nahahabag sa kanila ang
Panginoon. 11 Lumusob sila sa kaaway tulad ng
mga leon at napabagsak nila ang labing-isang
libong kawal at isang libu't animnaraang ma-
ngangabayo, at itinaboy ang iba. 12 Tumakas
ang karamihan na sugatan at wala ng armas.
Tumakas naman sa gitna ng kahihiyan si Lisias
para iligtas ang sarili.

13 Inisip-isip ni Lisias ang kanyang pagkatalo,
sapagkat matalino siya. At nauunawaan niyang
di tinablan ang mga Ebreo sapagkat ipinakipag-
laban sila ng makapangyarihang Diyos. 14 Kayat
nagpadala siya ng sugo para himukin ang mga
iyon na makipagkasundo batay sa katarungan.
At sabi niya, siya mismo ang hihikayat sa hari na
kaibiganin sila.

15 Sumang-ayon si Macabeo sa anumang ini-
alok ni Lisias, alang-alang sa kapakinabangan
ng lahat. 16 At ipinagkaloob ng hari ang lahat ng
kahilingang isinulat ni Macabeo kay Lisias para
sa mga Judio. Sumulat naman si Lisias tulad ng
ganito:

"Pagbati ni Lisias sa bayang Judio. 17 Inihatid
sa amin ng iyong mga sugong sina Juan at
Absalom ang iyong nasusulat na kahilingan at
hinihingi ang aming tugon. 18 Iniharap ko sa hari
ang lahat ng bagay na nangangailangan ng
kanyang pansin; at naipagkaloob ko na ang
lahat ng kaya ko. 19 Kayat kung mananatili ang
mabuti ninyong pakikitungo sa Estado, sisika-
pin ko ring magtrabaho para sa inyong kapaka-
nan sa hinaharap. 20 Tungkol naman sa mga
detalye, iniutos ko nang makipag-usap sa iyo
ang aking mga kinatawan at ang iyong mga
sugo tungkol dito. 21 Mapabuti nawa kayo. Sa
taong sandaa't apatnapu't walo, sa ikadala-
wampu't apat na araw ng buwan ng Diyos ng
Corinto."

22 Ganito naman ang liham ng hari: "Binabati
ni Haring Antioko ang kanyang kapatid na si
Lisias. 23 Pagkapunta ng aming ama sa tahanan
ng mga diyos, naging hangarin na naming
maiukol lahat ng aming nasasakupan, ang sarili
sa kanilang gawain nang di naiistorbo. 24 Naba-
tid naming ayaw ng mga Judiong sundin ang
mga kaugaliang Griyego, na siyang kalooban
ng aking ama, 25 ngunit mas gusto nilang mag-
karoon ng sariling pamumuhay at humihiling na
hayaan sila sa kanilang mga kaugalian. At sa-
pagkat hangad naming walang kaguluhan ang
bansang ito, inilalagda naming ibalik sa kanila
ang Templo at makapamuhay sila ayon sa mga
asal ng kanilang mga ninuno.

26 Makabubuti, kung gayon, na magpadala
ka ng mga sugo na gagawa ng kasunduan ng
kapayapaan. Malaman nawa nila ang aming
matatag na layunin, para matiwasay sila at
masayang mailaan ang sarili sa kanilang ga-
wain."

27 Ito ang liham ng hari sa bayang Judio:

"Bumabati si Haring Antioko sa kapulungan
ng mga Judio at sa buong bayan nila. 28 Ikinaga-
galak naming nasa mabuti kayong kalusugan;
nasa mabuti rin naman kaming kalagayan.

29 Sinabi sa amin ni Menelao na nais na nin-
yong bumalik sa inyong mga tahanan at hanap-
buhay. 30 Kayat naglagda na ako ng dekreto ng
amnestiya para sa lahat na babalik sa kanilang
tahanan bago sumapit ang ikatatlumpu ng
buwan ng Xantico. 31 Makapamumuhay na mula
ngayon ang mga Judio ayon sa kanilang ka-
ugaliang may kinalaman sa kanilang pagkain,
at maaari nang sumailalim sa kanilang sariling
batas, tulad ng dati. Walang sinuman sa kanila
ang gagambalain sa anumang paraan dahil sa
nagawa nila nang di sinasadya. 32 Inatasan ko na

si Menelao na tiyakang muli sa inyo ang bagay na ito. 33 Hinahangad ko ang inyong mabuting kalusugan. Sa taong sandaa't apatnapu't walo, sa ikalabinlimang araw ng buwan ng Xantico."

34 Nagpadala rin sa kanila ng liham ang mga Romano na nagsasabi:

"Nagpapahatid ng pagbati sa bayang Judio ang mga sugo ng mga Romano na sina Kinto Memmio at Tito Manio.

35 Pinagtitibay din namin ang lahat ng ipinagkakaloob sa inyo ni Lisias na kamag-anak ng hari. 36 Tungkol sa mga bagay na ipinalalagay ni Lisias na dapat malaman ng hari, pag-aralan ninyong mabuti ang mga ito, at magpadala kayo agad ng sugo sa amin, para maiharap namin ang lahat sa hari para sa inyong kapakanan, sapagkat papunta na kami ngayon sa Antiokia.

37 Kayat magpadala agad sa amin ng sugo, para malaman namin ang inyong palagay. Hinahangad namin ang inyong mabuting kalusugan. Sa ikalabinlima ng buwan ng Xantico sa taong sandaa't apatnapu't walo."

**Mga pananagumpay laban sa mga karatig na bansa**

**12** 1 Pagkagawa ng mga kasunduang ito, nagbalik si Lisias sa hari at bumalik din ang mga Judio sa kanilang mga bukirin. 2 Ngunit di sila hinayaang makapamuhay nang payapa at tahimik ng mga heneral ng rehiyon, na sina Timoteo at Apoloniong anak ni Geneo, gayundin sina Jeronimo at Demofones, at si Nicanor na pinuno ng mga Chipriota. 3 Bukod dito, ginawa ng mga taga-Jope ang malubhang krimeng ito: inanyayahan nila ang mga Judio na nakikipamuhay sa kanila, na sumakay sa mga bangkang inihanda nila, gayundin ang mga maybahay at mga anak ng mga ito, na parang wala silang sama ng loob sa mga ito. 4 Ipinasya ito ng lunsod at tinanggap ng mga Judio para patunayan na gusto nilang makipamuhay sa kanila nang mapayapa at walang hinala. Ngunit pagdating sa laot, itinapon nila sa dagat ang mga ito, at mga dalawandaan ang namatay.

5 Pagkabalita ni Judas Macabeo sa kalupitang ito laban sa kanyang mga kababayan, iniulat niya ito sa kanyang mga tauhan. 6 Matapos tumawag sa Diyos, ang makatarungang hukom, sinalakay niya ang mga pumatay sa kanyang mga kapatid. Gabi nang sinunog niya ang pantalan, at sinunog din ang mga barko, at pinatay sa tabak ang mga nagtago roon. 7 Ngunit nakapinid ang mga pintuan kayat di siya nakapasok sa lunsod. Umurong siya at binalak na magbalik para lipulin ang lahat ng taga-Jope.

8 Napag-alaman naman niyang gusto ng mga taga-Yamnia na pakitunguhan sa gayunding paraan ang mga Judiong naninirahan doon. 9 Gabi rin nang salakayin niya ang mga taga-Yamnia at sinunog ang pantalan at mga barko. Napakalaki ng lagablab, kayat nakikita ang ningas hanggang sa Jerusalem, na may layong limampung kilometro.

10 Kanilang sinalakay mula roon si Timoteo, ngunit nang makalakad na sila nang mga dalawang kilometro, sinalakay naman sila ng limang libong Arabeng tinutulungan ng limandaang mangangabayo. 11 Naganap ang madugong labanan, at nagtagumpay ang mga kakampi ni Judas, sa tulong ng Diyos. Humiling ng kapayapaan ang mga nagaping Arabe, at nangakong bibigyan sila ng hayop at tutulungan sila sa hinaharap. 12 Nakipagpayapaan naman si Judas, na naniwalang mapapakinabangan ang mga ito. At umurong na sa sariling mga kampo ang mga Arabe.

13 Sinalakay ni Judas ang isang lunsod na matibay na nakukutaan ng mga kanal at pader. Tinatawag na Caspin ang lunsod. Naninirahan doon ang mga sari-saring lahi. 14 Nananalig ang mga nakubkob sa kanilang matibay na pader at sa tinggalang puno ng pagkain, kaya hinamak nila at binastos ang mga tauhan ni Judas, sa pag-insulto sa mga ito at paglapastangan sa Diyos. 15 Tumawag naman ang mga kawal ni Judas sa dakilang Hari ng daigdig na nagpaguho sa mga pader ng Jerico nang walang makina ng digma, sa panahon ni Josue, at napo poot na sinugod nila ang mga pader. 16 Niloob ng Diyos na masakop nila ang lunsod, at ginawa ang di maikuwentong pamumuksa. Waring puno ng dugo ang kalapit na lawa, na limandaang metro ang lapad.

**Ang digmaan ng Carnaim**

17 Pagkatapos lakarin ang sandaa't limampung kilometro, dumating sila sa Haraca, at doon tinatawag ang mga Judio na Tubiense. 18 Hindi nila natagpuan doon si Timoteo, sapagkat nakaalis ito nang wala namang nagawa; ngunit nag-iwan ng matibay na garison sa isang lugar. 19 Sumalakay sina Dositeo at Sosipatro, na mga pinuno ng kakampi ni Macabeo, at winasak ang garison ng mahigit sa sampung libong sundalo na iniwan doon ni Timoteo.

20 Inayos ni Macabeo ang hukbong kasama niya sa pamumuno ng dalawang ito, at nagmamadaling sinalakay si Timoteo, na may kasamang sandaa't dalawampunlibong lakad na kawal at dalawanlibu't limandaang mangangabayo. 21 Pagkabatid ni Timoteo ng paglapit ni

Judas, pinapunta niya ang mga babae at mga bata, dala ang maraming bagahe, sa isang lugar na tinatawag na Carnaim; isa itong tanggulang di nasasakop at napakahirap marating dahil sa makikipot na lagusan patungo roon.

22 Pagkakita ng kaaway sa unang batalyon ni Judas, sinaklot sila ng sindak at kalituhan dahil napakita Siya na nakikita ang lahat. Tumakas sila sa lahat ng dako, kayat nakaladkad sila ng sariling mga kasamahan at nasugatan ng kanila mismong mga tabak. 23 Hinabol sila ni Judas na buo ang loob, at pinatay sa tabak ang mga buhong. Nakapatay siya ng mga tatlumpung libo.

24 Nabihag si Timoteo nina Dositeo at Sosipatro. May katusuhang nakiusap si Timoteo na pawalan siya, sapagkat nasa ilalim ng kanyang kapangyarihan ang mga magulang at kapatid ng marami sa mga Judio, at tiyak na papatayin ang mga iyon kapag pinatay siya. 25 Pagkapangako niya sa maraming salita na pababalikin niyang ligtas ang mga ito, pinalaya nila siya para iligtas ang kanilang mga kapatid.

26 Sinalakay ni Judas ang Carnaim at Atargateyon, at ginilitan ng lalamunan ang dalawampu't limang libong tao doon. 27 Pagkatapos niyang magapi at malipol ang mga kaaway, sumalakay siya sa napapaderang lunsod ng Efron, na pinagtataguan ni Lisias, kasama ang maraming taong sari-saring lahi. May mga malakas na binatang nakahimpil sa labas ng pader at nakipaglaban nang buong-tapang ang mga iyon. At maraming nakaimbak na mga makina ng digma at mga misil sa loob.

28 Pagkatapos tumawag sa Makapangyarihang Panginoon na lumupig sa mga hukbo ng kaaway, inagaw ng mga Judio ang lunsod at pinatay ang mga dalawampu't limang libong nasa loob. 29 Kanilang pinuntahan mula roon ang Escitopolis, isang lunsod na may layong sandaa't dalawampung kilometro mula sa Jerusalem. 30 Ngunit tiniyak kay Judas ng mga Judiong naninirahan doon na pinakitunguhan sila nang mabuti ng mga tagaroon at kinupkop sila ng mga ito sa panahon ng pag-uusig. 31 Kayat pinasalamatan nina Judas ang mga ito at hinikayat ang mga itong maging mabuti sa kanyang lahi sa hinaharap. At nagbalik na sila sa Jerusalem, sapagkat nalalapit na ang pista ng Mga Sanlinggong Pentekostes.

32 Pagkatapos ng pistang ito na tinatawag na Pentekostes, sinalakay nila si Gorgias, na heneral ng Idumea. 33 Lumantad si Gorgias, kasama ang tatlunlibong kawal at apatnaraang mangangabayo, 34 at may napatay na ilan mula sa hanay ng mga Judio.

35 Dinaklot si Gorgias ni Dositeo, ang matapang na mangangabayo sa hukbo ni Bakenor. Hinawakan niya ito sa kapa, at kinaladkad sa paghahangad na mabihag nang buhay ang kriminal. Ngunit isang mangangabayong Tracio ang sumunggab kay Dositeo at winakwak ang kanyang balikat, kayat nakatakas si Gorgias sa Marisa. 36 Nakita ni Judas na napapagod na ang mga sundalo ni Esdris sapagkat matagal nang lumalaban. 37 Kayat nanalangin siya sa Panginoon na kampihan sila at pangunahan sa labanan. Umawit siya ng awit pandigmang may mga imno sa wika ng kanilang mga ninuno, at biglang lumusob sa mga kawal ni Gorgias, at nagapi ang mga iyon.

**Handog para sa mga namatay**

• 38 Inayos ni Judas ang kanyang hukbo at pumunta sa lunsod ng Adullam. Tapos na ang linggo, kayat nilinis nila ang kanilang sarili ayon sa kaugalian at ipinagdiwang doon ang Araw ng Pahinga. 39 Kinabukasan pumunta ang tauhan ni Judas para likumin ang mga bangkay nang madalian at ilibing na kasama ng mga kamag-anak sa mga libingan ng kanilang mga ninuno. 40 At natagpuan nila sa loob ng tuniko ng bawat patay ang mga bagay na nakatalaga sa mga diyus-diyusan ng Yamnia, na ipinagbabawal ng Batas sa mga Judio. Kayat naging maliwanag sa lahat ang naging kamatayan ng mga lalaking ito.

41 Pinapurihan ng lahat ang ginawa ng Panginoon, ang makatarungang Hukom

---

• **12.**38 Nadarama ng mga sundalo ni Judas na lumalakas sila sa kanilang pananampalataya nang mapatunayan nilang nararapat lamang mamatay sa digmaan ang kanilang mga kasamahan dahil sa ilang kasalanan. Sa mga lumipas na panahon, halimbawa'y sa panahon ni Josue, magaan sa kalooban ng mga sumasampalataya na tanggapin ang katarungang ito ng Diyos at hindi nila ikinababahala ang mga kapatid nilang may sala (tingnan ang Josue 7).

Ngayon naman, nababalisa ang mga kasamahan ni Judas: hindi na ba natin kapatid ang mga nagkasala? Kabilang din sila sa bayan ng Diyos gaya natin: hindi ba sila makikibahagi sa ating masayang kinabukasan, sa muling pagkabuhay?

Kaya ang pangunguna ni Judas at ang panalangin para sa mga patay. Nadiskubre nila ngayon ang pagkakabuklod at pagkakaisa ng mga miyembro ng bayan ng Diyos, ang mga buhay at mga patay.

na naglalantad sa mga lihim na gawa; 42 at idinalangin nila na patawaring lubusan ang kasalanang ito. Hinimok ng magiting na si Judas ang kanyang mga tauhan na iwasan na ang lahat ng pagkakasala, sapagkat nasaksihan ng sariling mga mata nila ang nangyari dahil sa kasalanan ng mga napatay. 43 Nagtipon siya ng abuloy mula sa kanyang mga sundalo at umabot iyon sa dalawang libong pirasong pilak at ipinadala iyon sa Jerusalem para maialay doon na handog para sa kasalanan.

Buong ingat at maselang ginawa niya ito sa pag-alaala sa pagkabuhay na muli. 44 Sapagkat kung di siya naniniwalang mabubuhay na muli ang kanilang mga kasamahang namatay, magiging walang kabuluhan at kabaliwan ang ipagdasal ang mga iyon. 45 Ngunit sa pag-alaala sa magandang gantimpalang naaalay sa mga namatay na mananampalataya, naging banal at makaDiyos ang kanilang pagmamalasakit.

Ito ang dahilan kung bakit iniutos ni Judas ang handog na ito para sa mga patay – para patawarin ang mga ito sa kanilang kasalanan.

### Sinalakay ni Antioko ang Judea

**13** 1 Sa taong sandaa't apatnapu't siyam, nabalitaan ng mga kakampi ni Judas na dumating si Antioko sa Judea, kasama ang maraming sundalo, 2 at si Lisias na guro nito at pinuno ng pamahalaan. Namuno bawat isa sa kanila sa isang hukbong Griyego ng sandaa't sampunlibong lakad na kawal, limanlibu't tatlundaang mangangabayo, dalawampu't dalawang elepante at mga tatlundaang karwahe ng digma na may kalawit.

3 Sumama sa kanila si Menelao, at sinulsulan niya si Antioko dahil sa masama niyang hangarin; hindi naman niya hinahangad ang kaligtasan ng sariling bansa kundi ang pagkabawi niya sa kapangyarihan. 4 Ngunit ginising ng Hari ng mga hari ang poot ni Antioko sa buhong na ito, nang ipakita ni Lisias sa hari na si Menelao ang dahilan ng lahat ng kasamaan.

Kayat ipinag-utos ng hari na dalhin si Menelao sa Berea at doon patayin ayon sa kaugalian ng nasabing pook. 5 May isang tore doon na dalawampu't limang metro ang taas, puno ng nagbabagang abo, na may umiikot na kasangkapan sa ibabaw, padausdos sa abo ang bawat silid. 6 Sinumang nagnakaw ng anumang banal na bagay o nakagawa ng mabigat na krimen ay itinutulak doon ng mga tao. 7 Sa ganitong paraan namatay ang tampalasang si Menelao nang di man lamang nailibing. 8 Makatarungang parusa ito para sa kanyang gumawa ng napakaraming pagkakasala sa Altar na banal ang apoy at abo; kayat sa abo niya natagpuan ang kamatayan.

### Panalangin at tagumpay ng mga Judio sa Modin

9 Dumating ang haring puno ang puso ng masasamang balak, at nakahandang maging higit na malupit sa mga Judio kaysa kanyang ama. 10 Nabalitaan ito ni Judas, at iniutos niya sa kabuuan ng kanyang hukbo na tumawag sa Diyos araw at gabi, para gawin din niya ngayon ang ginawa na niya sa ibang pagkakataon, at tulungan niya ang mga nanganganib na malisan ng kanilang Batas, bayan at templo, 11 at huwag pahintulutan ang kanyang bayang nagsisimula pa lamang na malayang makahinga at muling mahulog sa mga kamay ng mga tampalasang pagano.

12 Naisagawa na ng buong bayan ang utos na manalangin sa mahabaging Panginoon nang may pananaghoy, pag-aayuno at pagdarasal sa loob ng tatlong araw na sunud-sunod. At pinalakas ni Judas ang kanilang loob at inatasan silang maging laging handa. 13 Pagkatapos kausapin nang sarilinan ang mga matatanda, ipinasya niyang lumisan, kasama ang kanyang mga tao para sumalakay nang buong lakas, sa tulong ng Diyos, bago masakop ng hukbo ng hari ang Judea at maipailalim sa kapangyarihan nito ang Jerusalem.

14 Ipinagkatiwala ni Judas ang desisyon sa Maylikha ng daigdig, at pinalakas ang loob ng kanyang mga sundalo para ipakipaglaban hanggang kamatayan, tulad sa bayani, ang Batas, Templo, lunsod, bayan at mga institusyon. Nagkampo siya sa malapit sa Modin. 15 Itinuro niya sa kanyang mga kawal ang hudyat na salita: “Tagumpay ng Diyos.” Isinama niya ang mga kabataang pinili niya sa kanyang hukbo at sinalakay nila nang gabi ang tolda ng hari, at napatay ang mga dalawang libong sundalo, ang pinakamalakas na elepante at ang giya niyon. 16 Lumikha sila ng sindak at kalituhan sa kampo at saka matagumpay na umurong. 17 Naganap na ang lahat ng ito nang madaling-araw, sapagkat kinalinga sila ng tulong ng Diyos.

[18] Nakita ng hari na walang takot ang mga Judio, kayat tinangka niyang agawin ang mga tanggulan ng mga ito sa pamamagitan ng pakana. [19] Sumugod siya sa Bet-zur, isang lugar na napapaderan ng mga Judio; sinalakay niya iyon ngunit nilabanan siya at nagapi. [20] Ipinadala ni Judas ang lahat ng kailangan sa mga tagapagtanggol ng lunsod.

[21] Ibinigay ni Rodoco, na isa sa hukbong Judio, ang mga sikreto sa mga kaaway. Pinaghanap siya, nasukol at pinatay. [22] Muling nakipag-usap ang hari sa mga tagapagtanggol ng Betzur, nakipagkasundo rito at umurong. Sinalakay niya ang mga kakampi ni Judas, ngunit nagapi siya. [23] Nabalitaan niyang naghimagsik at nasiraan ng loob si Felipeng iniwan niya sa Antiokia bilang pinuno ng pamahalaan. Ipinatawag niya ang mga Judio at nagpasakop naman sila. Nanumpa siyang pagbibigyan ang mga makatarungang kahilingan ng mga ito, nakipagkasundo, nag-alay ng isang handog, pinarangalan ang Templo at nagpakita ng kabutihang loob sa Banal na Lugar.

[24] Nagpaalam ang hari kay Macabeo at hinirang si Hegemonides na maging heneral mula sa Tolemaida hanggang sa lupain ng mga Guerraino. [25] Nagpunta siya sa Tolemaida, at nadatnan niyang namumuhi ang mga tagaroon dahil sa kasunduan. Napoot sila at hinahangad na pawalang-bisa ang mga itinatakda niyon. [26] Ngunit lumapit si Lisias sa hukuman para ipagtanggol ang napagpasyahan; nahimok niya at napatahimik ang mga iyon, at nakamit ang mabubuting pakikipagkapwa ng mga iyon bago siya pumunta sa Antiokia. Ito ang naganap sa pagsalakay at pag-urong ng hari.

**14** [1] Makalipas ang tatlong taon, pinasabihan si Judas at ang kanyang mga tauhan na dumaong sa Tripoli si Demetriong anak ni Seleuko, kasama ang malakas na hukbo at hukbong dagat, [2] at naagaw na ang kaharian, matapos patayin si Antioko at ang guro nitong si Lisias.

[3] May isang nagngangalang Alcimong dating Punong Pari, na sadyang nadumihan ang sarili sa panahon ng paghihimagsik. Nabatid niya na wala nang paraan pa para mabalik siya sa paglilingkod sa banal na altar. [4] Kayat nagpunta siya kay Haring Demetrio nang taong sandaa't limampu't isa, at inihandog ang gintong korona, palma, pati ang ilang sanga ng olibo mula sa Templo ayon sa kaugalian. Wala siyang hiningi nang araw na iyon. [5] Ngunit nakakita siya ng angkop na pagkakataon para sa kanyang kahangalan nang anyayahan siya sa konseho ng hari. Nang tanungin siya kung ano ang mga damdamin at isipin ng mga Judio, sumagot siya: [6] "May partido ang mga Judio na tinatawag na Asideo, na pinamumunuan ni Judas Macabeo, na nagtataguyod ng digmaan at paghihimagsik, at humahadlang sa muling pagtatatag ng kapayapaan at kaayusan sa lupain. [7] Dahil sa kanila, hinubaran ako ng puwesto ng aking mga ninuno, ang pagkapari. [8] At naparito ako, una, dahil sa pagmamalasakit sa kapakanan ng hari, at dahil na rin sa aking mga kababayan, sapagkat nasadlak ang ating lahi bunga ng panatismo ng mga taong iyon.

[9] Batid mo ang lahat ng ito, O Hari, at pangalagaan ang aming lupain at bansang nasa panganib, ayon sa iyong kagandahang loob na iniuukol mo sa lahat. [10] Habang nabubuhay si Judas, imposibleng magkaroon ng kapayapaan ang Estado."

[11] Nang masabi ito ni Alcimo mabilis na sinulsulan si Demetrio ng iba pang Kaibigan niyang galit kay Judas. [12] Agad namang pinili ng hari si Nicanor, na pinuno sa iskuwadron ng mga elepante at hinirang itong heneral ng Judea, [13] Inatasan niya itong patayin si Judas, pakalatin ang mga kakampi nito at ibalik si Alcimo bilang punong pari ng dakilang Templo.

[14] Dumulog kay Nicanor ang napakaraming paganong tumakas mula sa Judea dahil sa takot kay Judas, sa paniniwalang magiging tagumpay nila ang kasawiampalad at pagkalupig ng mga Judio.

**Kasunduan sa kapayapaan nina Nicanor at Judas**

[15] Pagkabalita ng mga tauhan ni Judas ng pagdating ni Nicanor at ng pagsalakay ng mga pagano, nagbudbod sila ng alikabok sa kanilang ulo at tumawag sa Kanyang nagtatag sa kanilang bayan magpasawalang hanggan at palaging kumakalinga sa kanila sa pamamagitan ng mga pangitain. [16] At sa atas ng kanilang pinuno, nagsimula silang maglakad at humarap sa iba sa nayon ng Desau. [17] Sinalakay na ni Simong kapatid ni Judas si Nicanor, ngunit biglang nataranta ng kaaway ang kanyang mga sundalo at bahagyang napipilan.

[18] Gayunman, nababalitaan na ni Nicanor ang katapangan ng mga sundalo ni Judas at ang kagitingan nila kapag lumalaban para sa kanilang bansa, kayat natakot siyang lutasin ang kalagayan sa dahas. [19] Kayat sinugo niya sina Posidonio, Teodoto at Matatias para makipagayos. [20] Pagkasuri ng mga inialok, ipinagbigayalam iyon ni Judas sa buong hukbo. Waring

nagkaisa naman sila sa pagsang-ayon kayat
tinanggap ang kasunduan ng kapayapaan.

21 Kayat itinakda ang araw ng pagtatagpo ng
mga pinuno nang sarilinan. Lumabas mula sa
bawat panig ang karwahe at inihanda ang mga
upuan. 22 Inilagay ni Judas ang mga armadong
tauhan sa mabubuting lugar para paghandaan
ang anumang biglaang kataksilan ng kaaway.
Ngunit naganap nang maayos ang pagpupu-
long.

23 Nanatili si Nicanor sa Jerusalem nang di
gumagawa ng anumang gulo, at pinaalis na pati
ang mga sundalong pumanig sa kanya. 24 Lagi
niyang kasama si Judas, sapagkat iginagalang
niya ito. 25 Pinayuhan pa niya ito na mag-asawa
at nang magkaroon ng mga anak, kayat nag-
asawa naman si Judas at nasiyahan sa paya-
pang buhay.

26 Nakita ni Alcimo ang magandang pala-
gayan ng dalawa, kayat kumuha siya ng kopya
ng nilagdaang kasunduan at nagpunta kay
Demetrio. Pinaratangan niya si Nicanor na ku-
mikilos laban sa kapakanan ng Estado, sapag-
kat hinirang nito si Judas, na kaaway ng kaha-
rian, bilang ministro nito.

27 Nagalit ang hari, na lalong pinagsiklab ng
mga paninirang-puri ng buhong na iyon. Sinula-
tan niya si Nicanor, at sinabi kung gaano ang
kanyang poot dahil sa kasunduan at iniutos na
ipadala si Macabeo nang nakakadena sa An-
tiokia.

28 Pagkatanggap ni Nicanor sa mga liham,
nabalisa siya dahil mahirap para sa kanya na
sirain ang pakikipagpayapaan kay Judas na
wala namang nagagawang pagkakasala.
29 Ngunit di niya maaaring suwayin ang utos ng
hari, kayat humanap siya ng paraan para maisa-
gawa iyon sa pakana.

30 Napuna ni Macabeo na lumalayo na sa
kanya si Nicanor at di na kasiya-siya ang kani-
lang mga pulong, kayat naipalagay niyang di
maganda ang kahihinatnan nito. Sinimulan
niyang tipunin ang kanyang mga tao, at di na
niya ito ipinakita kay Nikanor. 31 Nang matuk-
lasan ni Nicanor na nakatakas si Judas nang
walang kataksilan, nagpunta siya sa kataas-
taasan at banal na templo samantalang nag-
aalay ng mga handog ang mga pari at hininging
iharap sa kanya si Judas. 32 Sumumpa ang mga
pari na di nila alam kung saan matatagpuan si
Judas. 33 Kayat iniunat niya ang kanyang ka-
may, nakaturo sa santuwaryo, at sumumpa:
"Kapag di ninyo naiharap sa akin si Judas na
nakakadena, susunugin ko ang lugar na itong
nakatalaga sa Diyos, wawasakin ko ang altar, at
dito ko mismo itatayo ang isang marangyang
templo para kay Dionisio." 34 Umalis agad siya
pagkasabi nito.

Itinaas ng mga pari ang kanilang mga ka-
may sa kalangitan at tumawag sa Kanya na
walang-tigil na nagtatanggol sa aming bansa,
at sinabi: 35 "O Panginoon ng sanlibutan, baga-
mat wala kang kailangang kahit ano, nakasiya
sa iyo na ilagay na kasama namin ang temp-
long ito bilang iyong tirahan. 36 Kayat panati-
lihin mong di nalalapastangan ang bahay na ito
na kadadalisay pa lamang, O Panginoong Ba-
nal na Banal."

37 Pinaratangan si Razis, na isa sa matatanda
sa Jerusalem, sa harap ni Nicanor, sapagkat
makabayan siya at tanyag sa tawag na "ama
ng mga Judio" dahil sa kanyang kabutihang
loob. 38 Sa panahon bago sumiklab ang hi-
magsikan, pinaratangan siya ng Judaismo at
buong-sigasig niyang ipinagkaloob ang sarili sa
pagtatanggol sa Judaismo.

39 Hinangad ni Nicanor na maipakita ang
kanyang poot sa mga Judio, kayat inatasan
niya ang mahigit sa limandaang sundalo para
dakpin si Razis. 40 Akala niya'y mapipinsala
niya ang mga Judio sa paghuli dito.

41 Nang masasakop na ng mga kawal ang
tore at mawawasak na ang pintuan ng patyo
(sapagkat naiutos na nilang dalhan sila ng apoy
para sunugin ang mga pintuan), sinaksak ni
Razis ng espada ang kanyang sikmura, habang
pinaliligiran siya sa lahat ng panig. 42 Pinili ni-
yang mamatay na magiting kaysa mahulog sa
mga kamay ng mga dayuhan at tumanggap ng
kalapastanganang alangan sa kanyang mahar-
likang pinagmulan. 43 Sa pagmamadali niya,
hindi naging tiyak ang kanyang saksak, kayat
nang makita niyang nagsisipasok ang mga
sundalo sa mga pintuan, ginamit niya ang na-
lalabi niyang lakas para makaakyat sa ituktok
ng tore, at buong tapang na nagpatihulog sa
mga tao. 44 Ngunit kaagad umurong ang mga
tao, kayat nahulog siya sa bakanteng lugar.

45 Buhay pa rin at pinag-aalab ng tapang,
tumindig siya kahit na bumubulwak ang dugo
mula sa kanyang mga sugat, at dumaan sa
hanay ng mga tao. Tumayo siya sa isang ma-
tarik na bato at doon, 46 hinatak niya ng dala-
wang kamay ang kanyang bituka gayong halos
ay natutuyuan na siya ng dugo, at inihagis iyon
sa karamihan ng mga tao. At tinawag niya ang
Pangalan ng Panginoon ng buhay at espiritu,
para ipagkaloob na muli ang mga iyon sa kan-
ya sa ibang araw. At ganito siyang namatay.

**Tagumpay ni Judas at kamatayan ni Nicanor**

**15** 1 Nalaman ni Nicanor na nasa karatig
na mga bayan ng Samaria ang mga
tauhan ni Judas, kayat naghanda siya sa pag-
salakay nang walang panganib sa araw ng
pahinga. 2 Sinabi ng mga Judiong napilitang
sumamba sa kanya: "Huwag mo naman silang
pagpapatayin sa di makataong paraan, ngunit
igalang mo ang araw na ito, sapagkat Siyang
nakakikita sa lahat ay itinatangi at binabanal
ang araw na ito." 3 Ngunit itinanong ng buhong
kung talagang may Makapangyarihan sa langit
na nag-utos na gawing banal ang araw ng
pahinga. 4 Sumagot sila: "Ang buhay na Diyos
mismo, na Pinakamakapangyarihan sa langit
ang nag-utos na ipagdiwang ang ikapitong
araw."

5 "Kayat akong makapangyarihan sa lupa,
ang nag-uutos sa inyong humawak ng sandata
at tuparin ang tagubilin ng hari." Ngunit di rin
niya naisagawa ang kanyang masamang balak.

6 Natitiyak ni Nicanor ang tagumpay, kayat
binalak niyang gumawa ng bantayog sa pama-
magitan ng mga nasamsam kay Judas at sa
mga tauhan nito. 7 Ngunit nakatitiyak din si
Macabeo at nananalig na tutulungan siya ng
Diyos. 8 Hinimok niya ang kanyang mga ka-
sama na huwag matakot sa pagsalakay ng
mga pagano, at huwag limutin ang mga pag-
kakataong tinulungan sila ng Diyos, at nang
maniwala silang ipagkakaloob din sa kanila ng
Diyos ang tagumpay ngayon. 9 Pinukaw niya
ang kanilang espiritu sa mga salita ng Batas at
ng mga Propeta, at ipinagunita sa kanila ang
mga nagdaang tagumpay. 10 Pinapag-ibayo
niya ang paghimok sa kanyang mga tauhan, at
sa pagtatapos, ipinakita niya ang kasamaan ng
mga pagano at ang pagsira nila sa kanilang
pangako.

11 Kayat inarmasan niya ang mga iyon, hindi
ng espada o kalasag, kundi ng katiyakang nag-
mumula sa mga dakilang kataga. At ikinuwento
niya ang isang pangitaing nakita niya sa kapani-
paniwalang panaginip, na ikinaligaya naman ng
lahat.

• 12 Nakita niya si Onias, ang dating Punong
Pari, na isang mabuting tao, may kababaang
loob, namumukod tangi sa pananalita nito at
walang katulad sa mabubuti ang ugali mula sa
kabataan. Nakaunat ang kanyang mga bisig, at
nanalangin siya para sa buong sambayanang
Judio. 13 At may lumitaw na isang matandang
lalaking abuhin ang buhok at kagalang-galang
ang anyo, na napaliligiran ng dignidad at kama-
harlikaan; nananalangin siya sa gayunding
paraan. 14 At sinabi kay Judas ni Onias na
Punong Pari: "Ito siyang nagmamahal sa kan-
yang mga kapatid, siyang nananalangin nang
walang-tigil para sa bayang Judio at sa Banal na
Lunsod. Siya si Jeremias, na propeta ng Diyos."
15 At iniunat ni Jeremias ang kanyang kanang
kamay, ibinigay kay Judas ang isang gintong
espada, at sinabi: 16 "Tanggapin mo ang espa-
dang ito na kaloob ng Diyos at lilipulin mo ang
mga kaaway sa pamamagitan nito."

17 Pinasigla sila ng magagandang salita ni
Judas na pumupukaw ng katapangan at pina-
lalakas ang loob ng kabataan. Kayat ipinasya
nilang huwag nang magkampo at sa halip ay
buong-tapang na sumalakay para tapusin na
ang labanan, sapagkat nasa panganib ang
lunsod, ang Banal na Lugar at ang santuwaryo.
18 Ipinagpaliban nila ang pagsasaalang-alang sa
kanilang mga maybahay, anak at iba pang mga
kamag-anak, sapagkat nangangamba sila higit
sa lahat, para sa Templong nakatalaga sa Diyos.
19 Nabalisa naman ang mga naiwan sa lunsod
sapagkat inaalaala rin nila ang labanan sa labas
ng mga pader.

20 Hinihintay ng lahat ang kahihinatnan ng
pagsalakay ng kaaway. Tinipon na ang mga
kaaway at nakahanay ang kanilang hukbo,
nadala na ang mga elepante sa mabubuting
lugar at nakapuwesto sa isang gilid ang mga
kabayuhan. 21 Pagkakita ni Macabeo sa kaka-
palan ng hukbong kaharap niya, sa dami ng uri
ng kanilang sandata at sa mababangis na mga
elepante, iniunat niya ang kanyang mga kamay
nang paitaas sa langit at tumawag sa Pa-
nginoong lumilikha ng mga kababalaghan, sa-
pagkat alam niyang ipinagkakaloob ng Diyos
ang tagumpay sa karapat-dapat, at di ito batay
sa mga sandata, kundi sa kalooban ng Diyos.

22 Kayat sinabi ni Judas sa pananalangin: "O
Panginoon, sinugo mo ang iyong anghel sa
kapanahunan ni Ezekias, na hari ng Juda, at
nilipol niya ang sandaa't walumpu't limang
libong kawal ng hukbo ni Senakerib. 23 Kayat
ngayon, O Panginoon ng Kalangitan, ipadala
mo rin ang iyong mabait na anghel na pangu-
nahan kami para saklutin ng sindak at takot ang

---

• **15.**12 Nadidiskubre ng mga sumasampalataya ang pagkakaisang bumubuklod sa nabubuhay at nangamatay na mga miyembro ng bayan ng Diyos. Dito nama'y mga tao ng Diyos ng lumipas na panahon ang lumuluhog para sa mga yumao: si Jeremias na propeta ng nagdaang dantaon, at pati si Onias na Punong-paring pinatay ilang taon pa lang ang nakalilipas.

aming mga kaaway. 24 Hampasin mo ng iyong
bisig ang mga lumapastangan sa iyo na nag-
sidating para lipulin ang iyong banal na bayan."
Dito niya tinapos ang kanyang panalangin.

25 Sumugod naman ang mga tauhan ni Nica-
nor sa gitna ng tunog ng trumpeta at mga awit ng
digma. 26 Nakipaglaban naman si Judas at ang
kanyang mga kawal habang nagsusumamo at
nananalangin. 27 Habang nakikipaglaban ang
kanilang mga kamay, nananalangin ang kani-
lang puso sa Diyos. At saka nagalak sa tulong ng
Diyos sapagkat nakapatay sila ng mga tat-
lumpu't limang libong kaaway.

28 Pagbalik nilang nagsasaya, pagkatapos ng
labanan, natagpuan nilang patay na si Nicanor,
nakahiga sa lupa na suot ang lahat ng baluti.
29 Nagkaroon ng hiyawan at kaingayan at pinuri
nila ang Diyos sa wika ng kanilang mga ninuno.
30 At si Judas na buong pusong ipinagtanggol
ang kanyang mga kababayan at walang maliw
ang pagmamahal sa mga ito mula sa kabataan
ay nag-utos na pugutin ang ulo kasama ang
mga bisig at balikat ni Nicanor at dalhin iyon sa
Jerusalem. 31 Pagdating niya roon, tinipon niya
ang kanyang mga kababayan at ang mga pari.
Pumunta siya sa harap ng altar, at ipinatawag
niya ang mga nasa kuta. 32 Ipinakita niya ang ulo
ng buhong na si Nicanor at ang kamay na buong
kapalaluang itinaas ng lapastangan laban sa
mismong banal na Bahay ng Diyos. 33 Iniutos
niyang putulin ang dila nito, pagpira-pirasuhin
at ibigay sa mga ibon, at isabit ang bisig sa harap
ng santuwaryo bilang parusa sa kanyang kaya-
bangan. 34 At pinuri nila ang Langit, at sinabing:
"Purihin siyang di pinabayaang lapastanganin
ang kanyang Banal na Lugar." 35 At iniutos ni
Judas na ibitin sa kuta ang ulo ni Nicanor bilang
malinaw na palatandaan ng tulong ng Diyos.
36 Sa isang pambayang botohan napagkaisahan
nilang gunitain ang petsang ito at ipagdiwang sa
ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang
buwan – na tinatawag na Adar sa wikang Ara-
meo – ang bisperas ng araw ni Mardokeo.

**Pagwawakas ng sumulat**

37 Ito ang mga pangyayari nang panahon ni
Nicanor. At mula sa panahong iyon, nasa ilalim
na ng mga Ebreo ang lunsod. Kayat tatapusin ko
na rin ang aking ulat. 38 Kung mahusay ang
pagkakakuwento at tama, iyon ang talagang
gusto ko; kung basta-basta at karaniwan la-
mang, iyon na ang pinakamabuti kong maga-
gawa. 39 Tulad din ito ng pag-inom ng alak. Hindi
masarap kung purong alak o tubig lamang ang
iinumin; nasa paraan ng pagtimpla ng tubig at
alak ang ikinalulugod at ikinasasarap. Sa ga-
yunding paraan, depende sa mabuting kaayu-
san ng pagkukuwento ang kasiyahan ng mam-
babasa. Ito ang wakas.